Disclaimer: Narito ang ilan sa mga awitin na sinikap kong lagyan ng chords batay sa pandinig ko at mga natutunan sa ibang mga kasama, kaya hindi ito 100% tama pero pwede na. Haha. Sabayan mo na lang rin habang tinutugtog mo para ma-feel mo kung may mali at paunlarin itong munting pagsisikap. 
Sa pag-aaral, 10% lang ang talent, 90% ay disiplina (kasama na ang puso doon, hehe).
Lesgeriron!
Lahat, para sa arpak

**INTERNATIONALE**
Capo 2nd fret
E-E7 – Am – C/B – C – G – D – G – D7

G C – C/B – Am
Bangon sa pagkakabusabos
D D7 G – D7
Bangon mga bihag ng gutom
G G7 C – C/B – Am
Katwiran ay bulkang sasabog
D D7 G
Buong lakas na dadagundong
D A D
Gapos ng kahapo'y lagutin
A F#
Tayong api ay magbalikwas
A-D D7 G – Em
Tayo ngayo'y inaalipin
D A7 D – D7
Subalit atin ang bukas

Koro:
G G7 C – C/B – Am
Ito'y huling paglalaban
D D7 G – D7
Magkaisa nang masaklaw
G D Em
Ng Internationale
A A7 D – D7
Ang sangkatauhan
G G7 C – C/B – Am
Ito'y huling paglalaban
D D7 B7
Magkaisa nang masaklaw
E-E7 Am-C/B – C
Ng Internationale
G D G – D7
Ang sangkatauhan

G G7 C – C/B – Am
Wala tayong maasahang
D D7 G – D7
Bathala o manunubos
G G7 C – C/B – Am
Kaya't ang ating kaligtasa'y
D D7 G
Nasa ating pagkilos

D A D
Manggagawa, bawiin ang yaman
A F#
Kaisipa'y palayain
A – D D7 G – Em
Ang maso ay ating tanganan
D A7 D – D7
Kinabukasa'y pandayin

G G7 C – C/B – Am
Manggagawa at magsasaka
D D7 G – D7
Ating partido'y dakila
G G7 C – C/B – Am
Palayasin ang mga gahaman
D D7 G
Sa anakpawis ang daigdigan
D A D
Wakasan pagsasamantala
A F#
Ng mga buwitre at uwak
A – D D7 G – Em
Sa umagang sila'y maglaho
D A7 D – D7
Mapulang araw sisikat

**ANG GABAY**
C – Em – FM7 – C – FM7 – C – G – G7

C Em F C
Tumatagos sa diwa ang iyong pagsikat
F G C D G
Nagsisilbing gabay ang iyong liwanag
C Em F C
Sa balat ng lupa ang ningning mong sinag
F G C Dm – G C
Katumbas ay ginto sa aming mahihirap
Am Em F C
Kung sa aming buhay ay di ka dumating
F C D G
Di namin malilikha mga gintong awitin
Am Em F - G C
Binulag man kami ng mga ganid at sakim
F - G C Dm – G C
Ang mga sinag mo ang tunay na nagpaluningning

C Em F C
Tulad mo ay butil na hinasik sa bukid
F G C D G
Tumubo't namulaklak sa aming anakpawis
C Em F C
Ang lambong ng gabi'y iyong pinapalis
F G C Dm – G C
Na nagpapalaya sa isipang napiit

Am Em F C
Pag-asa kang tunay sa pagbubukang-liwayway
F C D G
Na sa amin ay gintong sumilay
Am Em F G C
Anong tamis pala ang sa lupa mamuhay
F G C Dm – G C
Kung sa pagpapakasakit ay may tagumpay

Am Em F C
Pag-asa kang tunay Partido Komunista
F C D G
Na sa amin ay magpapalaya
Am Em F C
Anong tamis pala ang mamuhay sa lupa
F G C Dm – G C
Kung sa pagpapakasakit, tayo'y lalaya

**HIGIT NA MATATAG**

Capo: 2nd fret
A m – G – Am (2x)

Am G Am
Higit na matatag ang Partido ngayon
Am G Am
Kung ihahambing noong siya ay umusbong
Dm Am G Am
Ilang katao lamang ang muling nagbangon
Dm Am
Sumuong sa panganib at hirap
G Am
Ang ilan ay lbu-libo na ngayon

Am G Am
Kung nakayanan niya, noong siya'y bata pa
Am
Ang tumindig sa gitna ng mga
G Am
Malalakas na bagyong nagsiamba
Dm Am
Ngayon pa kayang may laman na
G Am
Ang kanyang puno at mga sanga
Dm Am
At malalim na nakaugat
G Am
Sa malawak na masa

G C
Anuman ang gawin ng mga gahaman
G C
Di mapipigil ang takbo ng kasaysayan
Am E Am
Sa gabay ng Partido, susulong Digmang Bayan
Dm Am G Am
Tiyak na kakamtin, minimithing kalayaan

Dm Am G Am
Tiyak na kakamtin, minimithing kalayaan

**AWIT NG REBOLUSYONARYO**

Capo: 5th fret
Am – E – Am – G – C – E7

Am E Am – G
Bukid, bundok, pagawaan at parang
C G C
Batis ng ating kabuhayan
Dm
Papayagan bang makamkam
E Am – E7
Laya't kasaganaan
Am E Am – G
Ang dangal ng bayang Pilipinas
C G C
Na nais igupo ng dahas
Dm
Manggagawa ay magbalikwas
E Am – E7
Tutulan mo ang paghamak
Am E Am – G
Ang lahat ay magkaisang hanay
C G C
Isa man ay walang hihiwalay
Dm
Hadlangan ang mga gahaman
E Am – E7
Mapaniil na dayuhan
Am E Am – G
Bawat isa ay tibayan ang loob
C G C
Bakahin ang pambubusabos
Dm
Mga papet na manghuhuthot
E Am – E7
Galamay ng mananakop
Am – E – Am – G, C – G – C, Dm – E – Am – E7

Am E Am – G
Ang damdamin nami'y nagliliyab
C G C
Buklurin sa iisang hangad
Dm
Umalpas na ng buong dahas
E Am – E7
Sukdang dugo ay dumanak
Am E Am – G
Partido Komunista ang gabay
C G C
Bisig ang Bagong Hukbong Bayan
Dm
Ang lakas ay ang mamamayan
E Am – E7
Sa paglaya ng bayan
Dm
Itaas ang Bandilang Pula
E Am – A7
Nang lumaya ang bayan
Dm
Itaas ang Bandilang Pula
E Am
Nang lumaya ang bayan

**ANG BAGONG HUKBONG BAYAN**

Dm – A (4x)

Dm
Ang Bagong Hukbong Bayan
Gm A Dm
Sandata ng sambayanan
Gm Dm
Ang hukbo ng himagsikan
A A7
Tagapagtanggol ng kalayaan

Dm
Sa patnubay ng Partido
Gm A Dm
Pakikibaka'y isusulong
Gm Dm
Mga Pulang mandirigma
A A7
'Yan ang Bagong Hukbong Bayan

Koro:
Dm A
Bandilang pula iwagayway
A7 Dm
Tanda ng pakikibaka
D7 Gm
May maso at may karit
A A7
May gintong kasaysayan
Dm A
Bandilang pula iwagayway
A7 Dm
Tanda ng pakikibaka
D7 Gm
Himagsikan ay isulong
A Dm
Hanggang sa tagumpay
A Dm
Hanggang sa tagumpay
A Dm
Hanggang sa tagumpay!

Dm – A

**MARTSA NG HUKBONG BAYAN**

A

A
Mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan

D A
Sandata ng himagsikan
D A
Handang lumaban magpakailanman
E A
'Pagkat mulat sa prinsipyong kanyang ipinaglalaban

A
Mag-aral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
D Bm E
Iwaksi ang bagahe, paandarin ang makina
A D F#m E A
Mag-aral, maglagom, magpunahan at magtuwid
D Bm E E7 A
Magkaisa, maging handa, masigasig at masigla
A
Ang simulain ay h'wag tigilan
D A
Hanggang sa ganap na tagumpay
D A
Ang pawis at dugo na iniaalay
E A
Maluningning na kinabukasan ang kapantay
A
Sa gitna kahirapan at kagipitan
D Bm E
Huwag kalilimutan ang mga tagumpay
A D E A – A7
Na nakamtan ng kilusan laban sa mga gahaman
D Bm E A
Mga tagumpay ng kilusan sa buong daigdigan

**HUKBONG BAYAN**

Bb – C – A – A7 – Dm

Dm
Hukbong bayan, ang adhika ay tagumpay
A
Makakamtan 'pagkat mayro'ng kamulatan
Gm Dm
Buo ang isip at puso
A Dm
Mababaka ang libong punglo

Dm
Katapangan kakambal ng kamulatan

Sa gabay ng ating Partido
A Dm
At lakas ng masang buo
F Bb A
Rebolusyon maisusulong hindi mabibigo
Dm
'Pagkat ang masa'y tiyak na kikilos
A
Kung may hukbo

Dm Bm
Nagsimula tayo sa iilan ang ilan ay libu-libo na
Dm
Katugon ng tapang ay tapang din
G
Ng mulat ay kamumulatan pa
Bm
Isip sa isip at puso sa puso
G
Paano tayo mabibigo?
G E A E A – A7
At kapit-kapit bisig susulong parang alon
F# Bm G A D
Pagkakaisa muog na di magigiba
(Na s'yang gigiba sa kutang Imperyalista!)
(Ulitin ikatatlong saknong)

**KARANIWANG TAO**

A – D – E – A

A D A
Karaniwang tao ang nagiging kawal
F#m C#m D A
Mga magsasaka na karit ang tangan
Bm E
Mga manggagawa na walang sandata
E7 A
Kundi ang bisig lamang

A D A

Mga taong api, mga taong dukha
F#m C#m D A
Mga kulang-palad at mga kawawa
Bm
Kawaning maliit, estudyante
E E7 A
At walang hanapbuhay

A D A
Kayong walang yaman, sukat ipagtanggol
F#m C#m D A
Walang pag-aari ni silungang bubong
A Bm
Magbuklod, kumilos humandang masawi
E E7 A
Sa pagsasanggalang sa sariling bayan
A F#m E
Ang natipong lakas naging kabuuan
A Bm
Nang dati ay wala mandin ay nanggaling
E A
Sa kailaliman ng matabang lupa
Bm E A F#m
At dagling nag-angkin ng kaluluwa't buhay
E E7
Na kahanga-hanga

A D A
Matuling kakalat na tulad ng baha
F#m C#m D A
Ang Bagong Hukbong Bayan ang s'yang papagitna
A D A F#m C#m D A
Sa paglaban sa Pyudalismo, Ipagwawagi kabi-kabila
D E E7
Sa isang rebolusyon, kasabay ang dahas ng
A
pakikidigma!

**PANAWAGAN**

E – F#m – B7 – E

E
May tawag sa kaparangan
F#m B7 E
Tinig ng Inang Bayan
Gumising, Kabataan
F#m E B7 E
Panawaga'y tugunan

B E
Uring api at nagdurusa
B E
Rebolusyon ang pag-asa
A F#m G#m C#m
Magkaisa, makibaka
F#m B
Isulong ang digma ng paglaya
E
Magbaga man yaring lupa
B E
Sa igting nitong digma
A F#m G#m C#m
Kasama, 'wag mabahala
A F#m B
Higpitan ang hawak sa sandata
Koro:
B7 E
Digmang bayang nag-aalimpuyo
B E
Alab ng dibdib na nag-iibayo
A F#m G#m C#m
Higpit ng hawak sa prinsipyo
F#m E B E
Kaaway tiyak maigugupo
A (pause)
Higpit ng hawak sa prinsipyo
E
Kaaway tiyak maigugupo

**TAMBANG**

Capo: 2nd fret

Em – C – Em – C

Em
Sansaglit na lamang ang hinihintay
C Em
Dumapa ng dahan-dahan sa gilid ng daan
C D Em
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
C D Em
Papalapit, papalapit sa 'ting hanay
Em
Pandama'y talasan, sandata'y ikasa
C Em
Huwag lilikha ng ingay, kumubli't maghanda
C D Em
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
C D Em
Papalapit, papalapit sa 'ting hanay

Refrain:
Am D B7 Em
Mga pasistang pahirap sa masa
Em C B7 Em
Nariyan na, nariyan na
Koro:
Em Am D G
Ang gatilyo'y kalabitin, isa-isang asintahin
C Am B7 C D Em
Ang bala ay 'wag sayangin, armas nila'y samsamin
Em
Dinggin mo ang atas, sundin bawat kumpas
C Em
Abe, Baking, Kaloy Sugod! Buong lakas
C D Em
Nariyan na, nariyan na ang kaaway
C D Em
Papalapit, papalapit sa 'ting hanay

Transisyon: Em – F#m

**TAKTIKAL NA OPENSIBA**

Capo: 4th fret

Dm – A7 – Dm – Gm – A7 – Dm – A7

Dm A7 Dm
Ating pasiglahin ang taktikal na opensiba
D7 Gm
Sa nahihiwalay, mahihinang kaaway
A7 Dm
Daan o ilog man, sila'y ating tatambangan
A7 Dm – A7
Maliit na ditatsment, atin ding babanatan
Dm A7 Dm
Sikapin natin na ating maipasulong
D7 Gm
Sa bawat baytang ang ating rebolusyon

A7 Dm
Mumunting pagwawagi kung ating iipunin
A7 Dm
Malalaking tagumpay ang makakamit natin

Koro:
C F
Kaya, sumalig, umasa sa masa
C F
Lakas ng ating hukbo ay mula sa kanila
A Dm
Kahit anong lakas mayroon ang kaaway
A Dm – A7
Matatalo sila ‘pagkat tayo’y may suporta
Dm A7 Dm
Halina kasama, ihanda ang ating pwersa
D7 Gm
Tatambangan natin ang tropang pasista
A7 Dm
Susundan ang ilog, sa bundok maglalakbay
A7 Dm
Ating lilipulin mahihinang kaaway

A Dm
Kahit anong lakas mayroon ang kaaway
A Dm
Matatalo sila ‘pagkat tayo’y may suporta

**TAO ANG MAHALAGA**

Cm – G – E – Am – D7 – G – D7

G Gb G
Dapat nating malaman
D7
Na ang sandata ay isang bagay
Am D
Na mahalaga sa digmaan
D7 G D7
Ngunit hindi ito ang bagay na mapagpasya
G
Ang mga mamamayan hindi ang mga bagay
G7 C
Ang mapagpasya
Cm G – E7
Ang mga mamamayan hindi ang mga bagay
Am D7 G D7
Ang mapagpasya

G Gb G
Ang paligsahan sa lakas
D7
Ay hindi lamang paligsahan
Am D D7 G D
Ng lakas sa baril o lakas sa kabuhayan
G Gb G G7 C
Paligsahan itong higit ng lakas sa tao
Cm G E
At kapasyahang magwagi
Am D G
Kapasyahang magwagi

C
Ang tunay na lakas
G
Sa baril at lakas sa kabuhayan
Dm G C G
Ay nasa kamay ng mamamayan
C
Ang mga mamamayan hindi ang mga bagay
C7 F
Ang mapagpasya
Fm C Am
Ang mga mamamayan hindi ang mga bagay
Dm G C
Ang mapagpasya

**DI MAGAGAPING DIWA**

G – Em – Am – D – D7

G Em
Ang Bagong Hukbong Bayan
Am D
Ay may di magagaping diwa
G C
Matibay ang pasyang
Am D
Gapiin ang kaaway
G C
At hindi kailanman susuko
Am D
Ano man ang mga kahirapan
G Em
At kagipitan
Am D D7
Patuloy silang lalaban

G C Am D
Libu-libong Pulang Mandirigma
G C A D
Ang nag-aalay ng buhay alang-alang sa mamamayan
G C
Ating iwagayway ang bandilang pula
Am D D7
At sumulong sa landas na pinapula ng dugo
G C Am D
Magpakatatag, huwag matakot
G C
Sa mga pakikibaka ay
A D G Em
Pawiin ang lahat ng hirap nang
Am D G
Makamtan ang pambansang demokrasya

**PAG-ARALAN ANG DIGMANG BAYAN**

A – D – A

A
Dapat pag-aralan ang digmang bayan
D A
Sa partikular at pangkabuuan
E A
Ng sinumang kalahok sa digmaan
E A
Na inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan
A
Alamin ang kaaway at sarili
D A
Nang walang pangambang magapi
E A
Estratehiya isa laban sa sampu
E A – A7
Taktika sampu laban sa isa
D A
Sa paglangoy sa laot ng digmaan
E A – A7
Sa mga alon huwag magpalutang-lutang
D A
Tiyaking makarating sa dalampasigan
E A

Na tantyado ang bawat hakbang
Koro:
E A
Kung mabilis, mapapagod ka rin (Adbenturismo!)
D A
Kung mabagal, maiiwan ka rin (Konserbatismo!)
E A
Tantyahin nang husto ang bawat kilos mo
E A
Tiyakin ang tagumpay nito
E A
Pag-aralan nang mahusay ang bawat gawain
E A
Tagumpay tiyak na kakamtin!

**ALAB NG DIGMANG BAYAN**

C – G – C – A7 – Dm – Fm – C – G – C – G

C
Kay tagal-tagal kasama
G
Sinabi mong paghihintay
G C
Di ba maaring piliting mapadali ang tagumpay?
A7 Dm Fm
Nakababagot isiping taon pa ang itatagal
C G C – G7
Mahirap at masakit ang maglunsad ng digmaan
G C G
Ang bayang tulad sa atin, katangia'y mala-pyudal
C
At di tuwirang kolonya ng dayuhang sumasakal
A7 Dm Fm
Matagalan ang digmaan ang prinsipyong gumagabay
C G
C
Sa kanayunan ang simula pagkubkob sa kalunsuran
G C G
Rebolusyon ay hindi dapat itulad sa isang piging
C
O kaya ay paglilok pagburda o pagdrowing
A7 Dm Fm
Rebolusyon ay pagbangon ng uring inaalipin
C G C
Marahas di mahinhin malumanay o malambing
Koro:
C G
Ngayong gagap ko na ang nais mong sabihin
C
Masigla't buong tatag hirap ay haharapin
A7 Dm
Hindi ko man masilayan ang araw ng ating tagumpay
Fm C G C
Buong buhay ay iaalay sa alab ng digmang bayan
Ad lib: C – G – C – A7 – Dm – Fm – C – G – C – G – G7

**BUWAN AT BARIL**

A – E – A

A E
Buwan, buwan hulugan mo ako ng sundang
A
Sa panahong ito ng kaguluhan
D A
Ilan daang taon na rin ang nabibilang
E A
Iginapos ang masa sa kahirapan
A E A

O bituin, bituin sa kalangitan
E A
Himagsik ng karet inyong tulungan
D A
Lahat halos ng butil sa talim nya'y dumaraan
E A
Ngunit siya'y sa gutom ngayo'y pinapatay

Refrain 1:
D A E A
Ang maghimagsik ay makatarungan
E A
Ito'y tungkuling sadyang nakalaan
D A
Sa mga bisig na nagngangalit, pumipiglas
E A
Sa bawat sikmurang dinarahas
Buwan, buwan hulugan mo ako ng sundang
Sa panahong ito ng kaguluhan
Mula't sapol ng isinilang at magkamalay
Iginapos ang masa sa kaalipinan
O araw, araw sa kataasan
Himagsik ng masa inyong tulungan
Lahat halos ng yaman ay kanyang pinaluluwal
Ngunit siya'y pulubi aliping sahuran

Ang magrebolusyon ay makatarungan
E A
Ito'y tungkuling sadyang nakalaan
D A
Sa mga kamaong nagngangalit pumipiglas
E A
Sa bawat ninanakaw na lakas
A E
Buwan, buwan hulugan mo ako ng sundang
A
Sa panahong ito ng kaguluhan
D A
Gagawing sandata sa lalahukang himagsikan
E A
Upang mapuksa ugat ng kahirapan
D A
Gagawing sandata sa lalahukang himagsikan
E A
Upang mapuksa ugat ng kahirapan

**ANAK NG BAYAN**

C – G – Am – G(2X)

C G E7 Am
Inay, Itay ako po ay lilisan
C G E7 Am
Patutunguhan ko ay isang digmaan
C G E7 Am
Mag-aalay ako ng panahon at buhay
C G Am – G
Para sa kalayaan
C G E7 Am
Inay, itay huwag kayong mag-alala
C G E7 Am
Inyong pagmamahal ay lagi kong madarama
C G E7 Am
Sa marami pang ama at inang mapagkalinga
C G Am A7
Sa tahanang alay nila

Koro:
F (G) G (A) C (D) Am (Bm)
Sa aking pag-alis kayo'y hindi rin mawawalan
F (G) G (A) C (D) Am (Bm)

Libong anak na sa inyo’y magdaraan
C (D) G (A) F (G) G (A) C (D) – C7 (D7)
Katulad ko ring mabubuting anak ng bayan
F G C Am
Pagbati ko sa inyo’y ihahatid nila
F G Am
Silang anak n’yo rin at kasama
F G C Am
Kasabay ng mga ngiti sasabihin nila
F G C C – G – Am – G – C – G – Am – A7 – A7sus
Inay, Itay kumusta na

D A F#7 Bm
Inay, itay sa ating paglalayo
D A Bm G
‘Pinapangako kong hindi tayo mabibigo
D A F#7 Bm
Ang ating hangad na malayang bukas
D A Bm – B7
Ay tiyak na matutupad

**BATAYANG AKTITUD**

A – C#m – D – E

A C#m D A
Di ba tayo kasama sa layunin ay tapat
A C#m D A
Layuning nagsisilbi sa interes ng masa
F#m C#m D A
Kung tayo’y rebolusyunaryo dapat ipakita
A D E A A7
Batayang aktitud sa isip at gawa
Koro:
D A
Batayang aktitud ay dapat tandaan
E E7 A
Masikhay sa pag-aaral, masigasig sa pagtrabaho
D A
Matapat sa punahan, hindi liberal
E E7 A
Handang magsakripisyo at disiplinado
D A
Sa ating pakikitungo sa mamamayan
E E7 A
Ang linyang pangmasa ‘yan ang ating giya
D A
Dahil masa lamang ang tunay na bayani
E E7 A
Silang tagapaglikha ng kasaysayan
A C#m D A
Iwasto ang mali, ituwid ang lihis
A C#m D A
Magaspang na pagkilos dapat na iwaksi
F#m C#m D A
Kung tayo’y rebolusyunaryo sa tunay nakahulugan
A D E A A7
Batayang aktitud dapat nating panghawakan
(Ulitin ang Koro)
D A
Dahil masa lamang ang tunay na bayani
E E7 A
Silang tagapaglikha ng kasaysayan

**3-8 DISIPLINA**

C
Ang tatlong pangunahing alituntunin ng disiplina
F G C
Sumunod sa mga utos sa lahat ng ikinikilos
G C G C

Huwag kumuha ng kahit isang kaputol na sinulid sa masa
Am
Ibigay ang lahat ng bagay na nasamsam
G C
sa kinauukulang pamunuan

Ang Bagong Hukbong bayan

May walong bagay na dapat tandaan
F G C
Una'y maging magalang sa pananalita
G C
Bayaran nang husto ang lahat ng binili
G C
Isauli ang lahat ng hiniram
Am
Huwag saktan o murahin ang mga mamamayan
G C
Bayaran ang lahat ng nasira

Huwag manira ng mga pananim

Huwag pagsamantalahan ang mga babae
Am
Huwag pagmalupitan ang mga biniha
G C
Walong bagay tandaan nang ganap

**BANDILANG PULA**

Capo: 2nd fret
E

B7 E
Iwagayway ang bandilang pula
E7 A B7 E B7
Ng armadong pakikibaka
E
Ating iwagayway ang bandilang pula
B7 E
Tungo sa tagumpay
B7 E A E
Imperyalismo ay dudurugin bayan ay lalaya rin
E A E
Iwagayway ang bandilang pula
A B7
Rebolusyo’y ating isulong
E B7 E E7
May maso at karit
A E
May gintong kasaysayan
A E
Di kailanman iwawalay
F# B7
Sa hirap at sa tagumpay
E B7 E E7
Saklutin man yaring buhay
A E
Diwang pula’y di papanaw
A E C#m
Saan pa mang larangan ng digma
E B7 E
Iwagayway ang bandilang pula
Koro:
E B7
Halina mga kapatid ating iwagayway
E
Ang bandilang pula na may maso at karit

E E7 A
Ang bandilang ito ay ari nating tunay
F#m B7 E
At dadalhin natin hanggang sa tagumpay

**GINTONG SILAHIS**

C – F – C – F – G – G7

C F C
Tayo'y lalakad sa ulan
F G C – C7
Upang isulong ang digmang bayan
F G C Am
Anumang putik at dulas ng daan
F G C
Mga balakid ating lalampasan.
C F C
Angil ng punglo'y di pansin
F G C – C7
Awit ng larangan ay dinggin
F G C Am
Anumang hirap, pakikibaka'y pataasin
F G C – C7
Mga kaaway ating lulupigin.
Koro:
F G C – C7
Gintong silahis sa umaga
F G C – C7
Mga ngiti at awit ng masa
F G C Am
Anumang hirap, mapapawi sa tuwina
F G C
Kung ang masa at hukbo'y nagkaisa.
(Ulitin ang Koro)
F G C Am
Anumang hirap, mapapawi sa tuwina
F G C
Kung ang masa at hukbo'y nagkaisa

**PAGLALAKBAY**
C – G/B – Am – FM7 – G – C (2x)

C G/B F G C
Sa aking paglalakbay, kay raming iniisip
C G/B F G C – C7
Pagpunta sa kabundukan matibay ang pananalig

F G C – G/B – Am/G
May layunin bawat paglalakbay
F G C– G/B – Am/G
May diwa bawat pagpapagal
F G C– G/B – Am/G
May araw na maghuhudyat
F G C
Sa layang laon nang hinahangad.

C G/B F G C
Sa ating paglalakbay, kay raming natutunan
C G/B F G C – C7
Sa piling ng mamamayan namulat sa katotohanan

F G C – G/B – Am/G
May layunin bawat paglalakbay
F G C – G/B – Am/G
May diwa bawat pagpapanday
F G C – G/B – Am/G
May araw na maghuhudyat
F G C – G/B – Am – FM7 – G – C (2X)
Ng layang laon nang hinahangad.

Sa aming paglalakbay, kay raming naranasan
Sa tagumpay at kabiguan, katatagan ang kailangan
May layunin bawat paglalakbay
May diwa bawat pagsisikhay
Ang masa ang magtatakda
Sa panahon ng ganap na paglaya.

F G C – G/B – Am/G
May araw na maghuhudyat
F G C
Ng layang laon nang hinahangad.

**PAALAM**
Capo: 3rd fret
A – F#m – E – A – D – Bm7 – C#7

A F#m E A
Alam kong darating ang oras na ito
D Bm7 C#7
Ang bawat isa ay magsasabing
A F#m E F#m
Paalam, kasama, paalam sa inyo
D E7 C#7
Hanggang sa muling pagtatagpo.
A F#m E A
Salamat sa inyong mga payo at gabay
D Bm7 C#7
Salamat sa inyong pagdamay
A F#m E F#m
Sa mga sandaling tayo'y nagsama
D E F#m
Sa hirap, gutom at tuwa.
Koro:
D E F#m E
Sa aking paglisan, kayo'y laging kasama
F#m E F#m – E
Sa bawat hakbang ng paglaya
D E F#m E
Kami ma'y masawi sa gitna ng landas
F#m E F#m – E
Asahang may ngiti ang bukas.
A F#m E A
Alam kong darating ang oras na ito
D Bm7 C#7
Ang bawat isa ay magsasabing
A F#m E F#m
Paalam, kasama, paalam sa inyo
D E7 F#m – F#m7
Hanggang sa muling pagtatagpo.

**PANAWAGAN**
G-C
G C
May panawagan...
Em D C D
Sa lawak ng parang, sa gitna ng kabundukan
G-C
Ay may panawagan
Em D C D
Ang iyong tugon, ikaw ang magpapasya
Sa iyong pagsulong, ikaw lamang ang hahadlang
Ang iyong armas ay talim ng iyong paninindigan
Tibayan ang loob pagkat buhay ang alay sa panawagan

Sa bawat punglong sa baril nila'y lumalabas
Ay dagundong ang tugon ng aping sambayanan
Sa bawat lupang pinalapot ng luha (Sa bawat

dugong pinaiitim ng lupa)
Sa bawat buhay na kanilang sinasayang
G D C D
Lumalakas sumisigaw humihiyaw dumadaluyong ang
G-C
panawagan

**MARTSA NG BAYAN**

Em D Em
Tulad ng apoy sa kaparangan
C D Em
Nagsimula sa isang munting diklap
C D G-G/F#/Em
Dahan-dahang gumagapang sa buong kapuluan
C D Em
Ang digmaa'y pagtitipon ng lakas

Tulad ng mga puno sa kagubatan
Dumami at pinatibay ng panahon
Walang nagsisismula sa marami at malakas
Ang digmaan ay timbangan ng lakas

Koro:
C D G-G/F#/Em
Walang makakapigil tayo rin ay papatas
C D G-G/F#/Em
Tulad ng ilog dumarating sa karagatan
C D G-G/F#/Em
Kamtin ang pagkakapatas, kamtin ang tagumpay
C D G-G/F#/Em
Dadagundong ang yabag ng pulang mandirigma
C D Em
Ang martsa ng bayang nag-aarmas

**SAMA-SAMA**
Am-G

Am-G-F-Am
Sama-sama tayo sa paglalakbay
Am-G-Am
papunta sa kabundukan
unti-unti nating pandayin
ang malayang bukas
Dm-Am-G-Am
Wag alalahanin ang gabing madilim
mga masa ay tanglaw natin
Dm-Am-G-Am-G
diwang rebolusyon masikhay na gagapin
ang kanayunan masigasig na lukubin

C-G-Am
Sama-sama nating lakbayin
sama-sama nating pandayin
Dm-Am-G-Am
sama na kasama, masang niyuyurakan
G-Am
gagapin ang dambana ng kalayaan

Sama-sama tayo sa paglalakbay
papunta sa kabundukan
unti-unti nating pandayin
ang malayang bukas

Kung alam mo lang, tunay na kalagayan
masa'y naghihikahos kalayaa'y nakagapos
puntahan ang bukanang walang uring lipunan
galing sa masa, para sa masa ang paninindigan

**PANAWAGAN**

Pasakalye: C – FM7 – C
C FM7
Sa gitna ng tungayaw ng kaaway
Bm C
At ng daing ng buong bayan
C FM7
Laging may bagong binhi ng pagtutol
Bm C D D7 G – D7
Ang sisilang sa ating hanay walang kamatayan
G
Kabuktutan ang ngayon ay naghahari
Am D
Masang anakpawis ay dinuduhagi
D7 G C
Subalit bukas ay dagling mapapawi
Am Em Am Em A
Salot na dulot ng kaaway na imbi
A A7
Mamamayan, dinggin yaring panawagan
D D7 G A D – D7
Magpakatapang at mangahas lumaban
G F# Bm – E
Mamamayan, dinggin yaring panawagan
D G A D – D7
Mangagsisulong at kamtin ang tagumpay
G
Hahawiin ang unos ng himagsikan
Am D
Ang mapanglaw na ulap sa kalangitan
D7 G C
Lilipas din ang nakalambong na karimlan
Am Em Am Em A
Sisikat ang araw sa kinabukasan

**MARTSA NG NAGKAKAISANG HANAY**

Capo: 2nd fret
D – G – A – A7 – D

Koro:
D G
Tayo’y maghahanda ng daan
A D
Alang-alang sa ating bayan
D Em
Ngayon ang panahon
A D
Sa pagsusulong ng rebolusyon

F#m Bm
Manggagawa, magkaisa
Em A
Lumabas ka sa pabrika
F#7 Bm
Pamunuan ang pakikibaka
E A
Laban sa pagsasamantala
(Koro)
Magsasaka, bumangon ka
Lupa ay bawiin na
Ang uring pinahihirapan
Sama-samang magkaisa

Kabataan, gumising ka
Akyatin mo ang kabundukan

Sumanib ka sa Bagong Hukbong Bayan
Sa landas ng matagalang digmang bayan

Kababaihan, lumaban ka
Sumulong ka't humawak ng sandata
Karapatan sa lipuna'y ipaglaban
Himagsikan ang kasagutan

Taong simbahan at propesyunal
Petiburgesya ng kalunsuran
Negosyanteng makabayan
Mga minorya, magsulong ng digmaan

**ANG MASA, LINYANG MASA, MAKIBAKA HUWAG MATAKOT**

Capo: 2nd fret

D7
G
Ang masa, ang masa lamang
D
Ang siyang tunay na bayani
Am D
Ang masa, ang masa lamang
G – D7
Ang siyang tagapaglikha
G
Ang masa, ang masa lamang
E
Ang siyang tagapaglikha
Am D7 G E
Ang masa o, ang masa
Am D7 G – D7
Tagapaglikha ng kasaysayan
G
Sundin ng buong tatag
D
Ang linyang pangmasa
Am D
Mula sa masa, tungo sa masa
G – D7
Ito ang ating patnubay
G
Sundin nang buong tatag
G7 C
Ang linyang pangmasa
Am D7 G E
Mula sa masa, tungo sa masa
D G
Ito ang ating patnubay

Em G
Makibaka, huwag matakot
Em Am D
Harapin ang kahirapan
Em G
Magkaisa at lumaban
Em D G
Nang makamtan ang tagumpay
Em G
Magpakatatag, huwag matakot
Em Am D
Nang mapalaya ang bayan
Em G
Hanay natin ay tibayan
Em D G
At durugin ang kalaban
Em G
Magpakatatag, huwag matakot
Em Am D
Sa mga pagpapakasakit
Em G
Kahirapa'y pangibabawan
Em D G
Nang makamtan ang tagumpay
Makibaka, Huwag matakot!

**MASA'Y PAKILUSIN**
Capo: 1st fret
G – D – C – G – D7
G
Kalayaan may naisin
Kung ang masa'y di sa atin
D
'Ya'y pangarap ng gising
Am
Demokrasya may layunin
C
Kung ang masa'y lilimutin
Am D G
Ay walang mararating
D7 G
Kaya't pukawin at pakilusin
D
Ang masang pag-asa ng laya natin
Am
Sila'y pukawin at pakilusin
D G
Upang lumakas ang kilusan natin
D7 G
Sila'y pukawin at pakilusin
G7 C
Ang tagumpay ay kakamtin
Am – D G Em
Mula sa masa, tungo sa masa rin
Am D G – D7
'Yan ang patnubay natin
G D
Masa, masa ang ngalan mo'y dakila
Am D G – D7
Nasa sa 'yo ang pag-asang lumaya
G G7 C
Laya, laya, tumawag sa Partido

Cm G Em Am D G – D7
Diringgin ng masa ang ating panawagan

G
Panambitan, panambitan
D
Panambitan ang BHB ay pakinggan
Am D
Lumalaban, lumalaban
D7 G – D7
Lumalaban ng sabayan kahit saan
G
Kung nais n'yong lumaya na
G7 C
Magkaisa at humawak ng sandata
Cm G – Em Am D G – D7
Kahit kami'y api, hindi pa rin pagagapi

**AWIT NG MAGSASAKA**

Dm
Sa kanayunan
Libong magsasaka'y nawalan ng lupa
Gm
Upang bigyang daan
Dm C Dm
Taniman ng multinasyunal

Gm
Panginoong may lupa
Dm
Sya’y monopolista
Gm Dm
Sa hatian ng ani
C Dm
Lagi siyang lamang
Gm Dm
Nagkakamal ng yaman
C Dm
Sa pagsasamantala
Gm Dm
Binubungkal na lupa’y
Bb A-A7
Pilit inagaw
Dm
Hagupit ng kahirapan
Pagpaslang pananakot at pandarahas
Gm Dm C Dm
Sagot ng militar sa daing ng aping magsasaka
Dm
Sa kanayunan
Bawat bungkal ng lupa
Paghihimagsik ipupunla
Gm Dm
Apoy na babalot sa kanayunan
C Dm
Maririnig ang putok ng paglaya

**MAGSASAKA, IKAW AY BAYANI**
A m – G – Am – F – C – G – Am

Am C G Am
Ikaw na bisig ang siyang nagbubungkal
Am C G Am
Ikaw na pawis at dugo ang tanging puhunan
F C G Am
Ikaw na bihag, dukha’t hinahamak
F C G Am
Ikaw ay bayani, dangal ng lipunan

Am C G Am
Itong tanikala ng pagkaalipin mo
Am C G Am
Unti-unting dinudurog hanggang maging abo
F C G Am
Itong nakalukob na agilang dayo
F C G Am
Pilit iginugupo nang laya’y mapasa ‘yo
F C G C
Sa tuwina’y taglay ibayong pag-asa
F C G C
Buo ang hangaring wakasan ang pagsasamantala
Am G Am
Sa daluyong ng daan-libong nag-aalsa
F C G Am
Itatanghal kayong bayani, kayong magsasaka

**AWIT NG KAINGERO**
E – E7

A E A
Kay hirap ng buhay dito sa kaingin
A7 D
Sa maghapo’y pagod sa ating gawain
E A F#m
At maging sa gabi’y di ka patulugin
E A – E
Sa bigat ng ating mga suliranin
A E A
Masukal na gubat matapos hawanin
A7 D
Malalaking kahoy maihapay natin
E A – F#m
Ang palay at ahoy ating itatanim
E A – E
Upang may makain ang pamilya natin
A E A
Ngunit ano itong gawa ng gobyerno
A7 D
Bawal magkaingin sabi ng montero
E A – F#m
Habang ang konsesyon nitong si Morato
E A – E
Nagpapatuloy sa pagkuha ng troso
A E A
At ang lalong grabe ay ang mangangamkam
A7 D
Hayop na surbeyor at PC’ng tulisan
E A – F#m
Matapos mangikil tayo’y babantaan
E A – E
At walang awa pang ipagtatabuyan
A E A
Kaya’t ang lunas ay ang pagkakaisa
A7 D
Humawak ng baril tayo’y makibaka
E A – F#m
Ipagtanggol natin lupang sinasaka
E A – E
At ang pang-aapi’y ating wakasan na
A E A
Sa tulong ng Hukbo, gabay ng Partido
A7 D
Pakikibaka ay susulong, lalago
E A – F#m
Pagsasamantala ay maigugupo
E A
At ang tagumpay ay ating matatamo

**TANO**
Dm – C – Dm

Dm C Dm
May isang magsasakang Tano ang pangalan
Dm C Dm
Lupa n‘yang sinasaka’y tanging kayamanan
Bb Dm Bb Dm
Minsa’y nagkasakit kaisa-isang anak
Bb Dm C Dm
Naubos ang konting pera’y di pa rin lumalakas
Dm C Dm
Sa asendero ay nangutang isandaang piso lang
Dm C Dm
Ngunit ito’y madodoble sa anihan babayaran
Bb Dm Bb Dm
At kapag pumalya, madodoble na naman
Bb Dm C Dm
Madodoble nang madodoble hangga’t di mabayaran

Koro 1:
Gm Dm
Tano, Tano
C Dm
Sa gipit mong kalagayan
Gm Dm

Tano, Tano
C Dm
Anong kasasapitan?

Lumipas ang mga anihang
Sinalanta ng bagyong nagsidaan
Ang pobreng si Tano'y nabaon sa utang
Hanggang ang lupa n'ya ang naging kabayaran
May utang pa si Tano nakikisaka na lang

Ilan ang tulad ni Tanong pinahihirapan
Sila'y marami pa ngayon dito sa kanayunan
Ngunit itong si Tano ay biglang naglaho
Nang siya'y makita doon sa kabundukan

Bb Dm Bb Dm
Ngunit itong si Tano ay biglang naglaho
Bb Dm C Dm
Nang siya'y makita doon sa kabundukan
C Dm
Kasama ng sandatahan
Bb Dm C Dm
Siya'y naging mandirigma ng hukbong bayan
Koro 2:
Gm Dm
Ngayon ay lumalaban
C Dm
Si Tano sa gahaman
Gm Dm
Katulad ni Tano
C Dm
Tayo na at lumaban!

**DAPAT BAWIIN**
Capo: 3rd fret
E m

Em
Tinatanong ko ngayon sa iyo
Kung hindi mo ba naiisip
G
Na ang lupang ito'y sa atin
D Em
At hindi sa lalong mayroon
Koro:
Em D Em
Dapat bawiin (Dapat bawiin)
Em D
Ang lupang ito'y sa atin
Em
Sa 'yo at sa kanya
D G
Kay Pedro, Maria, kay Juan at Jose
D Em
(Kay Pedro, Maria, kay Juan at Jose)

Tinatanong ko ngayon sa'yo
Kung hindi mo ba naiisip
Na ang lupang ito'y nilinang
Natin sa ating mga kamay
(Ulitin ang Koro)
Ikaw ba'y nababahala
Sa awitin kong ito
Ikaw ba'y panginoong maylupa
O may-ari ng Pilipinas
(Ulitin ang Koro)

**AKO MANG-UUMA**
Am-Dm-E-Am

Am E Am
Mangunguma akong nabun-ag sa dulom
A7 Dm
manimok hinaplos sang hanging bukidnon
E Am
batiti sang iloy sa tunga sang talon
F E Am
walay panublion kundi kaimulon

ako'y magsasakang isinilang sa dilim
masuyong hinaplos ng simoy ng hangin
tanda ang tula sa gitna ng parang
walang mamanahin kundi kahirapan

ako'y magsasakang lumaki sa pag-ugit
pagbungkal ng lupa at pagtanim sa bukid
hinuko ng dunong sa balingit ng pitang
pawis kong ginugol, kapaki-pakinabang

ako'y magsasakang kay tagal lumaya
sa kamay ng mga panginoong maylupa
yaman na nagmula sa aking palayan
sa kanya napunta, sa akin ay putikan

ako'y magsasakang handang makihamok
matatag ang tindig, matalas ang gulok
ang bawat halagang manggaling sa akin
ay taga sa dibdib ng mapang-alipin

**BUTIL NG PALAY**

Bm A G F#
Bawat butil ng palay ay butil ng pawis
G D F#
ng bawat alipi't aping magbubukid
bawat butil ng palay ay butil ng luha
ng kayraming nilang natali sa lupa
bawat butil ng palay ay butil ng dugo
kalansay at bungo ng ating ninuno

butil ng pawis, ng luha at dugo
butil ng palay, butil ng ginto

bawat butil ng palay ay butil ng buhay
butil ng pag-asang sumibol sa parang
bawat butil ng palay ay isang magbubukid
nagbibigay buhay sa buong daigdig

bawat butil ng palay ay butil ng dugo
kalansay at bungo ng ating ninuno
butil ng pawis, ng luha at dugo
butil ng palay, butil ng ginto

**LUPA NI KABESANG TALES**

D-/C#m-/Bm-/F#-G-D-A

Lupa kong hinawan ng aking nuno at magulang
na inagaw sa dawagan at kahuyan
Em A
ngayo'y mayamang sakahin
Bm-/A-/G-/F#
may bigay kakanin sa araw-araw

si Kapitang Selong ang aking ama
ay totoong ginupo sa pagsuko
siya'y ginapi ng Kastila
matapos igupo ang kanyang loob
sa pagdakila kay Bathala
E-B
ngunit higit pa sa dagundong ng kulog
C#m-B
at talim ng guhit ng kidlat
A
ang katakawa't maitim na balak
ng prayle at kasikim na Kastila
sa tuwing kanilang matatanaw
ang hitik na mga bunga
at ang gintong uhay ng palay
asam nila'y aking pinagpaguran

di ko alintana ang hirap ng katawan
kaming gumagawa sa lupa
ay may panalangin sa lumikha
at sa pagsapit ng tag-ani
ay kay saya ng aming pasalamat sa kanya

may karapatan ang gumagawa sa lupa
ako si Kabesang Tales ay anak nitong lupa
ipaglalaban ko ang panawagan ng mga magbubukid
kahit ang tugon doon ay kamatayan
may karapatan ang gumagawa sa lupa
ako si Kabesang Tales ay anak nitong lupa

**BUHAY AT BUKID**
G-C-G-C
G C
Ang buhay niya ay bukid kaulayaw bawat saglit
G C-C/B-Am
munti niyang pangarap dito na nailibing
Bm C-C/B-Am
kailan pa ba makikita
Bm
ang lupang minana
C D G
ay maaari na ring tawaging kanya

Bawat butil na pinagyaman
ay pait ng kawalan
sa gitna ng kahirapan
may uring nakinabang
kailan pa ba makikita
ang lupang minana
ay maaari na ring tawaging kanya

C G
Lalaya rin ang lupa at mga magsasaka
C G
tutulungan sila ng mga manggagawa
Bm C-C/B-Am
babawiin ang lupang ninakaw ng iilan
C D G
at ang bunga ng lupa'y bayan na ang aani

**SIERRA MADRE**
Am-F-Dm-F-E
Am
Mula sa sierra madre humugos ang magsasaka
F
nagpupuyos sa galit ang mga puso nila
Dm E Am-E
nanalasa mga berdugong militar sa kanayunan
sinunog ng mga salot ang kanilang pananim
ang hanay nirakrak ng mga salarin
inagaw ang lupang sinasaka't
maraming pinaslang at dangal na sinaling
Am F
Ang lupa, ang lupa, ang lupa ang dahilan
Dm E Am
habang ilan ang nagmamay-ari may himagsikan
ang lupa, ang lupa, ang lupa ang dahilan
kung bakit may digmang naglalagablab sa kanayunan

kaya magsasaka ay nagbalikwas
tinahak ang landas ng proletaryong bukas
at ang kanilang sigaw yumayanig sa kalunsuran

ang lupa, ang lupa, ang lupa ang dahilan
habang ilan ang nagmamay-ari may himagsikan

**MULA SA KANAYUNAN**
Dm

Dm C Dm
Huwag mong sabihin ang bayan ay payapa
Gm Dm C Dm
Kung di ka mahimbing sa pagyanig ng lupa
C A7 Dm
Huwag mong sabihing ang bayan ay tahimik
Gm Dm C Am
Kung ika’y natutulig sa ingay ng paligid

Silid-aralan ay ginawang himpilan
Pati ang liwasan ay binabakuran
May kawal na tanod sa alambreng tinik
Sariling kabuhayan, ay aagawing pilit

C Dm C Dm
O, Ang kanayunan mistulang isang bilangguan
Gm Dm
O, sa bayang sinilangan
C Dm – C – Dm
Tumututol ang mamamayan

Armas at militar, tangke at eroplano
Panlunas daw ito ng gulo sa bayan ko
Nagtayo ng kampo at tinipon ang mga tao
Sinumang paghihinalaa’y babarilin ng sundalo

C Dm C Dm
O, sa kanayunan patuloy ang pamamaslang
Gm Dm C Dm – C – Dm
O, sa bayang sinilangan tumututol ang mamamayan
Bb C Dm
Sa paglatag ng dilim, maliwanag ang kampo
Bb C Dm
Ngunit ang kabihasnan animo’y sementeryo
A7 Dm
Habang sila’y nagdiriwang
Gm Dm
Nagluluksa ang aking bayan
Bb C Dm
Nananaghoy sa gitna ng karimlan

C Dm
O, sa lupang tinubuan

C Dm
Nagbubuklod ang mamamayan
Gm Am
Gumigising ang kagubatan
C Dm
Tumatawag ang kabundukan
C Dm
Tumatawag ang kabundukan
C Dm –C – Dm
Tumatawag ang hukbong bayan

**SUMULONG KA, ANAKPAWIS**
Capo: 2nd fret
Em – A – Em – A – D
D Em
Sumulong ka, anakpawis
A D
Huwag alintanain ang sugat sa dibdib
D Em
Wala nang ibang makalulunas
A F#
Sa iyong mga paghihirap
Em G A D
Kundi ikaw sa ‘yong mga palad
F#
Kung tayo ma’y malalagasan
Bm
Tibayan mo ang kalooban
E
Sapagkat nasa atin ang tiwala
A A7
Ng buong sambayanan
D Em
Sumulong ka, anakpawis
A D
Huwag alintanain ang sugat sa dibdib
D Em
Wala nang ibang makalulunas
A F#
Sa ‘yong mga paghihirap
Em G A D
Kundi ikaw sa ‘yong mga palad

**AWIT NG PROLETARYO**
Em – C – G – Am – D – G – E – C – B7

Em C G
Daan taong hinubog mo, mga lipunan sa mundo
Am D G-G/F# Em C
B7
Ang kabihasnan ay naitatag sa dugo at pawis mo
Em C G
Mga palasyo ng hari ikaw ang nagtayo
Am D G-G/F# Em C D Em
Ikaw rin ang humukay ng mga palamuting ginto
Koro:
Em Am D G-G/F#-Em
Pasan-pasan mo ang hirap sa daan-daang taon
Am D G-G/F#- Em
Walang dangal, walang bukas (Kaya dapat bumangon ka)
C D Em
Alipin ng mga panginoon (Lipulin ang mga panginoon)
(Ulitin ang Koro)
Em C G
Mga yamang nilikha mo tangi nilang luho
Am D G Em C B7
Tuwang-tuwa nagpapasasa sa mga paghihirap mo
Em C G
Kaya sa araw ding ito ikaw ay magpasya
Am D G-G/F# Em C D Em
At sa lakas ng proletaryo wakasan pagsasamantala
(Ulitin ang Koro ng dalawang beses)
Am D G Em
Kaya dapat bumangon ka
C D Em
Lipulin ang mga panginoon!

**BUSABOS NG PUHUNAN**
C – Em – F – G (2x) G7

C Em F G – G7
Kayong sa gabi’t araw ay laging nagpapagal
C Em F G – G7
Kayong sa bawat oras yaman ang niluluwal
Am Em Am
Em
Bumubuhay sa puhunan at sistemang sa inyo’y nagsakdal

Am Em F G – G7
Sa hukuman ng mayaman hinatulang tamad at hangal
Kayong pinarusahan, maapi habang buhay
Magsilbi at pakainin at bigyan ng karangyaan
Parasitikong naghahari sa lipunang kinasadlakan
Nang ‘yong uri na ang sala manggagawa ng isinilang
Koro:
Am G F C
Ito ay hindi kapalaran na sinabi ng hari at paham
Dm Am F G– G7
Hindi kapalaran, hindi rin pagsubok na sinasabi ng
simbahan
Am G F C
Ito ay isang kalagayang sinadyang sa inyo ay gawin
Dm Am
Na dapat wasakin at dapat baguhin
F G C
Ito ang inyong tungkulin
Wala nang aasahang katarungang daratal
Hangga’t sa ating batas ang salapi’y mas matimbang
Sa dangal at katwiran at sa buhay niyo’t karapatan
Nang malaon ng niyurakan ng panginoong may kapital
(Ulitin ang Koro)
F G C
Makasaysayang tungkulin

**MANGGAGAWA**
Am Bb Am
Manggagawa, kayong lumilikha ng yaman ng bansa
Bb Am
kayong malaon nang iginupo ng dahas
G C
magkaisa't labanan ang pang-aapi
G C
kahit na libong buhay man ang masawi
E Am
walang kailangan kung ang magiging kapalit
F E
ay ang kalayaang matagal nang minimithi

manggagawa, kayong lumilikha ng yaman ng bansa
kayong malaon nang iginupo ng dahas
magkaisa't labanan ang pang-aapi
kahit na libong buhay man ang masawi
walang kailangan kung ang magiging kapalit
ay ang kalayaang matagal nang minimithi
A Bm
panahon na, panahon na mga kasama
E A E
ipakita ang lakas ng ating pagkakaisa
A Bm
panahon na, panahon na mga kasama

na makamtan ng bayan ang tunay na kalayaan

**MANGGAGAWA, GISING AT LUMABAN**
C – F – C

C
Manggagawa, gising at lumaban
F C
Nang makamtan ang kalayaan
F Dm
Sa pang-aapi ng dayuhan
G C
Imperyalistang gahaman
C G C
Ang sagot ng bayan ay himagsikan
Koro:
C
Proletaryo, progresibo
G G7 C
Sa kilusan, alay ay pawis at dugo
C F C Dm G Dm G
Manggagawa, magsasaka, lakas ay ang pagkakaisa
C F Dm G
Sa bukid at parang, bundok, kapatagan
C F Dm G
Handang lumaban para sa kalayaan
F Dm
Sa pang-aapi ng dayuhan
G C
Imperyalistang gahaman
C G C
Ang sagot ng bayan ay himagsikan

**ARAW NG MANGGAGAWA**
E

Am E Am
Harapin araw ng pakikibaka
Dm G C C7
Ang lakas nasa pagkakaisa
F G Em – Am
Taglay natin ang isang panata
D G
Igupo ang mapagsamantala
D G – G7
Bukas ay isang malayang umaga

Koro:
C A7 Dm
Ito’y araw ng kabayanihan
G G7 C – C7
Tayo’y di magagapi kailan pa man
F G Em – Am
Maghirap man o magbuwis ng buhay
Dm G7
Sa pakikibaka tiyak magtatagumpay!

C A7 Dm
Ito’y araw ng kabayanihan
G G7 C – C7
Tayo’y di magagapi kailan pa man
F E Am
Maghirap man o magbuwis ng buhay
F G C Am Dm G7 C
Sa pakikibaka tiyak magtatagumpay

Am E7 A7
Ang kalaba’y maglaan anumang bitag
Dm G C
Pagdusta, parusa o pamamaslang
E7 Am
Itakwil nating lahat ang pahirap
B7 Em
Kaapiha’y atin nang bigyang wakas
D7 G – G7
Ang katarungan ay ating lakas!

Am Em F C
Yama’y ating likha, ano’t busabos?
Am Dm G7 C
Ating kalayaan, bakit nakagapos?
Am D G
Ang lakas nati’y bakit dinudurog?
Am D7 G Em
Katarungan! Ang sigaw ng nalugmok
Am D G G7
Katarungan! Tayo rin ang tutubos

**SANDAANG TAON**

Capo: 3rd fret
Am – F – Am – F – G - Am

Am F G Am
Pinagtagpo tayo ng hirap at dusa
F G Am
Sa isang panahon ng pagsisismula
F G E Am
Pinagbuklod tayo ng pagsasamantala
F G Am E7
At ng mithiing lumaya
Am F G Am
Ang bawat pagsubok ay ating sinuong
F G Am
Sa bawat labanan ay laging pasulong
F G E Am
Tayong manggagawa’y magkakapit-bisig
F G Am
Sa iisang kilusa’y tumindig
Koro:
F C G F G Am
‘Sandaang taon ng dakilang pagkakaisa
F C G F G Am
‘Sandaang taon, mabuhay ang pakikibaka
F C G F G Am
‘Sandaang taon ng ating kilusang paggawa
F C G F G Am – E7
‘Sandaang taon sa pananagumpay ng digma
Am F G Am
Pinapanday tayo ng mga tunggalian
F G Am
Lalong pinatatag ng mahabang karanasan
F G E Am
Lakas natin ay mapagpalayang kilusan
F G Am – E7
Na hahawak ng kapangyarihan
Am F G Am
At ating kasama’y mga magbubukid

F G Am
At ang sambayanang hindi madadaig
F G C Am
Dudurugin natin imperyalistang ganid
F G Am
Hanggang lumang tanikala’y mapatid
(Ulitin ang Koro)
F G Am F G Am
‘Sandaang taon mabuhay ang manggagawa
F G Am F G Am
‘Sandaang taon mabuhay ang manggagawa
F G Am F G Am
‘Sandaang taon mabuhay ang manggagawa

**SIGAW NG PAG-AAKLAS**

C-G-Am-Em-F-C-G
C G Am-Em
Nang tayo'y magsama-sama
F C G
sa buhay at pakikibaka
Am G F
walang hindi magagawa
Dm F G
lahat ng bagay ay malilikha
C G Am
Sahod, trabaho at ang karapatan
F C G
sinupil ng dayuhan, estado't dilawan
E Am
manggagawang nagdusa sa pagsasamantala
D G
sa unyon at sa welga lahat nagkaisa
E Am
Manggagawa tipunin ang lakas
D G
buong tatag at ngayo'y nagbalikwas
E Am
walang hindi makakamit
D G
kung tayo'y magkakaisa-ah-ah

Nang tayo'y magsama-sama
sa buhay at pakikibaka
walang hindi magagawa
lahat ng bagay ay malilikha

Magkapit-bisig at tayo'y tumindig
pinag-isang tinig ating iparinig
sa ganid na imperyalistang salot ng daigdig
lilipulin ang lahat at ating madadaig

Manggagawa, tipunin ang lakas
buong tatag at ngayo'y magbalikwas
walang hindi makakamit
kung tayo'y magkakaisa-a-a-a

Demokrasya't kalayaan ay ating makakamtan
sosyalistang pagbabago ay katiyakan
manggagawa ang hahawan ng daan

Nang tayo'y magsama-sama
sa buhay at pakikibaka
walang hindi magagawa
lahat ng bagay ay malilikha

Lahat tayo ngayon ay lalaya

**MANGGAGAWA (JCD)**

Am
Bawat palo ng martilyo sa bakal mong pinapanday
alipatong nagtilamsik, alitaptap sa karimlan;
mga apoy ng pawis mong sa Bakal ay kumikinang
tandang ikaw ang may gawa nitong buong Santinakpan

Nang tipakin mo ang bato ay natayo ang katedral
nang pukpukin mo ang tanso ay umugong ang batingaw,
nang lutuin mo ang pilak ang salapi ay lumitaw,
si Puhunan ay gawa mo, kaya ngayon'y nagyayabang

Kung may ilaw na kumisap ay ilaw ng iyong tadyang,
kung may gusaling naangat, tandang ikaw ang pumasan
mula sa duyan ng bata ay kamao mo ang gumalaw
hanggang hukay ay gawa mo ang krus na nakalagay

Kaya ikaw ay marapat dakilain at itanghal
pagkat ikaw ang yumari nitong buong kabihasnan
Bawat patak ng pawis mo'y yumayari ka ng dangal,
dinadala mo ang lahi sa luklukan ng tagumpay

Mabuhay ka nang buhay na walang wakas,
walang hanggan,
at hihinto ang pag-ikot nitong mundo pag namatay

**AWIT NG KMU**

Em B7-Em
Saan mang sulok ng bayan
Am Em
bandilang pula ay winawagayway
Am D G-Em
ng uring manggagawa
C-C/C# B7
ang hukbong mapagpalaya

Taglay ang diwang palaban
handang magtanggol saanmang labanan
hangga't may uring nagsasamantala
patuloy ang ating pakikibaka

Em G D Em
Sa Luzon, Visayas, Mindanao
dumadagundong ang mga sigaw
sa pabrika, sa nayon at kalunsuran
Kilusang Mayo Uno ay lumalaban

Sa bawat pagkilos at pagpapasya
mulat ang isipan at nagkakaisa
katapangan, disiplina sa pakikibaka
laging tataglayin hanggang lumaya

Kumilos manggagawa
likhain ang kasaysayan
mapagsamantala
durugin nang tuluyan

Kahit sa panahong kay dilim
landas ng paglaya'y laging lalakbayin
hanggang ang liwanag ay ating marating
bagong bukas ay sasalubungin

**KONTRAKTWALISASYON**

C#m-G#
Marami na kong pabrikang napuntahan
A G#
marami pa akong inaaplayan
A B C#m
daming walang trabahong nag-uunahan

Dahil kulang na kulang ang perang dala
mabuti na lang ako'y tinanggap nila
ngunit problema ay kontraktwal pala
A B
Pagsapit ng five months ako ay tatanggalin
C#m G#
marami na namang problemang haharapin
A B C#m
at ang huli kong sweldo'y bitin na bitin

Bawal magreklamo magbuo ng unyon
at pag iyong nilabag ang kanilang kondisyon
sadyang mapapaaga ang 'yong bakasyon

Ang sabi ng gubyerno magsumikap kayo
upang umasenso ang buhay ninyo
ang payo niya sa atin magkontraktwal kayo

**AY AY APING MANGGAGAWA**

E-E7
A
Ako'y manggagawa Lina ang pangalan
D E

shifting ang trabaho sa aming pagawaan
D A
kung ika'y maassign sa shift na ten to six
E A-E
'sang tasang kapeng matapang sa antok ay
panlaban

Sahod na kakarampot ay hindi sapat
sa pagkain at iba pang kailangan
kulang pa ring pambayad sa mga utang
kayat pambayad rito'y uutangin na naman
D A
ay ay ang buhay ng aping manggagawa
E A
laging hahabul-habol sa bawat oras
D A
sa dikta ng ganid na amo sa pabrika
E A
para kaming robot na susunud-sunod

saksakan ng init sa loob ng pabrika
di maasahan ang klinik pag may sakit ka
bubulyawan ka pa ng masungit na bisor
paano ba naman maayos ang trabaho

ay ay ang buhay ng aping manggagawa
laging hahabul-habol sa bawat oras
sa dikta ng ganid na amo sa pabrika
para kaming robot na susunud-sunod

saksakan ng init sa loob ng pabrika
di maasahan ang klinik pag
bubulyawan ka pa ng masungit na bisor
paano ba naman maayos ang trabaho

ay ay ang buhay ng aping manggagawa
laging hahabul-habol sa bawat oras
sa dikta ng ganid na amo sa pabrika
para kaming robot na susunud-sunod

ay ay kailan magbabago'ng kalagayan
nating manggagawa o kay hirap ng buhay
ay ay kailangan na tayong magkaisa
atin nang likhain ang ating kapalaran

**MANGGAGAWA BLUES**

Em-/Eb-/D-/C#-/C-/G-B7
ang hirap ng buhay, kay mahal pa ng bilihin
di mo na malaman kung ano ang gagawin
trabaho nang trabaho di naman umaasenso
sumasakit ang ulo ko

may banta si amo, magbabawas daw siya ng tao
doon sa pinapasukan ko
paano na kung ako ay tanggalin
tyak gutom ang pamilya ko

walang katiyakan sa ganitong sistema
sila'ng nakikinabang, ako ang nagdurusa
walang katiyakan sa ganitong sistema
buti pa'y lumaban na lang ako

paano na ang aking gagawin
kung kami'y wala nang makain
wala naman lupa o bukid na sasakahin
o gubyernong tutulong sa amin

walang katiyakan sa ganitong sistema
sila'ng nakikinabang, ako ang nagdurusa
walang katiyakan sa ganitong sistema
buti pa'y lumaban na lang ako

walang katiyakan sa ganitong sistema
sila'ng nakikinabang, ako ang nagdurusa
walang katiyakan sa ganitong sistema
buti pa'y lumaban na lang ako

**KUNG PATAY NA ANG KABAYO**

Ako'y litung-lito kung ano ang gagawin
sa buhay kong ito ano'ng mararating
maliit ang sinasahod kulang pa sa tsibog
katawan ko sa trabaho ay hubog

Sobrang tuso ng amo ko, pare
barat kung magpasweldo kahit sobra ang trabaho

at ang mga benepisyo'y laging atrasado
dumating man, patay na ang kabayo

Panay-panay ang overtime wala nang time maggoodtime
patung-patong pa ang utang na babayaran
listahan sa tindahan ay walang katapusan
sana ang sahod ko'y madagdagan

Ngunit sobrang tuso ng amo ko, pare
barat kung magpasweldo kahit sobra ang trabaho
at ang mga benepisyo'y laging atrasado
dumating man, patay na ang kabayo

Lagi akong nagsisimba at sa trabaho'y matiyaga
wala ring kalokohang ginagawa
ganoon din ang amo ko, nagsisimba tuwing Linggo
ngunit bakit siya lang ang umaasenso

Dahil sobrang tuso ng amo ko, pare
barat kung magpasweldo kahit sobra ang trabaho
at ang mga benepisyo'y laging atrasado
dumating man, patay na ang kabayo

**ISANG BAGSAK**
G-C
G
Kung ikaw lang ang kikilos
O kaya’y tayong dalawa
Kung hindi kasama ang nakararami
Magtatagumpay ba ang pakikibaka

Tayong lahat dapat magkapitbisig
Panahon nang marinig ating tinig
Sa lahat ng sulok ng bayan
Pakikibaka ng sambayanan
Makakamit kung kikilos tayo, manggagawa

Isang bagsak
Sa ating pagkakaisa

**HALIGI NG MAYNILA**
D-C9-G
D C9-G
Dugo sa iyong paanan
C9 D
pawis sa iyong katawan
C9-G
luha at kasawian
C9 D
alipin sa sariling bayan

Halos araw-araw
damdamin ay sumisigaw
sa kalye at pagawaan
bayan ay pasan-pasan
D-/C-/B-
A E
Manggagawa, haligi ng Maynila
F#m D
at sa lahat ng sulok ng bayang nagdurusa
manggagawa, tunay kang dakila
C9
putulin man ang iyong dila, husto ka sa gawa

Uring natatangi, uring di pagagapi
prinsipyong di mabali, haligi ka ng lahi
maubos man ang lakas, simulai'y lalakas
sa mukha mo'y nababanaag ang matatag na bukas

**PADAYON**
A-A9/G-A9/F#-A9/G

Isang basong tubig galing sa poso
inutang na kanin at malamig na ginamos
kaunting asin sa plastic na platito
pwede nang magtrabaho
E D9 F#m/C# E-E7
Sa aking balikat ay papasanin
A /G D/F#
tatlong daang kilo ng asukal
A /G D/F#
limandaang sako ng dinurado
A /G D/F#
sanlibong kaha ng delata
A /G D/F#
sampung tonelada ng arina

kalawanging bubong, pader na may butas
posteng pilay at sahig na paduyan-duyan
itong aking palasyo'y pagka tibay-tibay
(pero pwede na pare, pwede na)
tuloy ang hanapbuhay

Ngayong araw ay tatapusin ko
isang subdivision, limampung ektarya
tatlong dosenang mansyon na magara
higanteng gusali na likha sa simento
kilo-kilometro ng kalsada

o kay tamis ng buhay
oo kay daling umasenso
hangarin ko'y makatikim ng konting hayahay
subalit kailangang ituloy ang hanapbuhay

Pagkat walang ibang makagagawa nito
paandarin ang makinarya
bigyan ng buhay ang industriya
patakbuhin ang ekonomiya
padayunon ang pagpangita
padayon

**MARTSA NG PAGKAKAISA**
Am – Dm – Am – Dm – Am – F – E

Am
Isulong natin ang pagkakaisa
Dm Am
Nang uring manggagawa at magsasaka
Dm Am
Ang ating sandigan sa pakikibaka
F E
Tungo sa pambansang demokrasya
Am
Silang nagtataglay ng tunay na lakas
Dm Am
Na dudurog sa Imperyalismo
Dm Am

Burukrata Kapitalismo’t Pyudalismo
F E
Ang mga salot na pumapatay
Dm
Mula sa bundok at nayon
Am
Parang alon tayong susulong
Dm E
Kukubkubin at palalayain natin ang kalunsuran
G C E-E7 Am
At ating itatatag ang isang lipunang malaya
G Am
Sa isang rebolusyong sosyalista
E Am
Hanggang mapawi ang pagsasamantala

**AWIT NG PAG-ASA**
C-Em-Am-Em-F-G-C-G

C G F C
Kahit kay haba ng lalakbayin
C G F G
Daang tag-araw man ang humagupit
Am Em F C
Kahit ilanlibong tag-ulan ang sumapit
Dm G
Hinding hindi tayo titigil

Dahil mithi nati’y palayain
Bawat isa sa pagkaalipin
Sa gitna man ng gutom kahirapa’t pasakit
Hinding hindi tayo susuko

Am Em
Kahit na may bagyo kahit na may unos
F C
Kahit may libo-libong kaaway
Dm Am
Kahit na magapi at isa ang matira
F C
Sa ating dakilang hanay
Am Em
Tayong manggagawa at magsasaka
F C
Sambayana’y muling babangon
Dm Am F G C G-G7
Ipagtatagumpay ang bawat labanan sa buong daigdig

Kahit hadlangan ng libong armas
Ang ating hukbo ay hindi aatras
Lakas ng masa ang ating sandigan
Saan mang laranga’t digmaan

**DAKILANG PAKIKIBAKA**

Dm-C-Bb-A
Haa…
Dm-C

Dm C Bb
Ang dakilang pakikibaka'y nagsimula
Dm C Bb-A
sa anakpawis na nagpupunla at gumagawa
Bb C Dm
na ngayo'y nagpasyang lagutin ang tanikala
C F
Daang libong bandila'y iwagayway
C F
ibagsak ang haligi ng dayong kaaway
C F
mga berdugong sa ati'y pumapatay
Bb A
dudurugin hanggang sa tagumpay

Ang bawat adhikai'y di malulupig
palayain ang sambayanan
sa mapagsamantala at ganid
ito na ang panahong magkapit-bisig

Ang digmaang nangyayari ngayon
karugtong ng digmaang nagmula pa noon
ang kalayaang nilalayon
magaganap sa huling paghuhukom

Daang libong bandila'y iwagayway
ibagsak ang haligi ng dayong kaaway
mga berdugong sa ati'y pumapatay
dudurugin hanggang sa tagumpay

**MARTSA NG BAYAN**
Capo 5th fret: Am-E-Am-E

Am E Am
Manggagawa at magsasaka
G C
Kabataan at propesyunal
E -E7 Am - /G
Mga alagad ng simbahan
F E
Negosyante at pinunong makabayan

Tayo na at magkapit-bisig
Tapusin ang daan taong pananahimik (pangaalipin)
Panahon na upang ang ating tinig ay marinig
Sa buong daigdig

Tayo na at magsama-sama
Sa pagdurog sa imperyalista
Tayo na at magkaisa
Lansagin ang pasistang diktadura
F G C
Nasa atin ang tunay na lakas
Dm Am E Am
Tiyak na sa atin ang bukas

Tayo na at magkaisa isulong ang pambansang demokrasya

**BIGWAS NG TAGUMPAY**

Capo: 2nd fret
A m – G (3x), E – E7

Am G Am
Salagin ang bagong hagupit
F C G
Sa buhay, sahod at trabaho
Am G Am
Manggagawa, kumilos ngayon din
F C F
Labanan ang dayuhang kapital
C F C E
At estadong kolonyal at kapitalistang ganid

Am G Am

Sa nayon, muling kinamkam
F C G
Lupang ating binungkal
Am G Am
Magsasaka, ngayo’y magbuklod
F C F C
Labanan ang ganid na panginoong maylupa
F C E
Wakasan ang pang-aapi!

Koro:
F C G
Kalayaan sa bayang api
F C G Am
Sa tabak at gatilyo’y tumangan
F C G
Kalayaan ang ating sigaw
F C G Am
Sa bigwas ng tagumpay ng paglaya!

Naglalagabalab ang bukid
Patungo sa bawat lungsod
Panahon nang magbalikwas
Imperyalismo’y labanan, kahirapa’y wakasan
Baguhin ang ating lipunan!

F G Am
Kalayaan sa bayang api
F C G Am
Sa tabak at gatilyo’y tumangan
F G Am
Kalayaan ang ating sigaw
F C G Am
Sa bigwas ng tagumpay ng paglaya!

**PANGAMBA**
Am – G – Am – G

Am C G C – E7
Sa pagitan ng palay na ipinunla at palay na aanihin
Am C G C – E7
Ay may butil ng pangamba’t dalita na hindi mo maisaing
G C G C – E7
Butil itong naitanim sa malay mo ng gatilyo’t asendero
G C G Am – G
Butil itong naitanim sa malay mo ng gatilyo’t asendero

Am C G C – E7
Sa pagitan ng sinulid sa makina at ng telang hinahabi
Am C G C – E7
Ay may hibla ng dalita’t pangamba na hindi mo maitagpi
G C G C – E7
Hibla itong ibinuhol sa puso mo ng gatilyo at ng amo
G C G Am – Em
Hibla itong ibinuhol sa puso mo ng gatilyo at ng amo
Am C G C – E7
Sa pagitan ng salaming tinutunghayan at salamin sa paningin
Am C G C – E7
Ay may bubog ng sindak at alinlangang di mo nais gawing singsing
G C G C – E7
Bubog itong itinagos sa noo mo ng gatilyo at estado
G C G Am – Em
Bubog itong itinagos sa noo mo ng gatilyo at estado

Am C G C – E7
Sa pagitan ng salamin, ng sinulid at ng palay ng hininga
Am C F E
Ay may baga ng pagtutol at himagsik na tutupok sa pangamba
G C G C – E7
Baga itong magliliyab sa dibdib mo at ibubuga ng gatilyo
G C G Am – E7
Baga itong magliliyab sa dibdib mo at ibubuga ng gatilyo

**MANGGAGAWA AT MAGBUBUKID**
Capo: 2nd fret
A – E – A

A E7 A F#m
E
Ano kaya ang natatanaw? Tila liwanag ng araw
A E A
Nagmula sa silanganan ay silahis ang sumilay
F#m E A E A
Sa ating pagkamalas ang nakita ay liwanag
F#m E A E A
Ng araw sa silangang unti-unting pumupula
Am Dm
Am – G
Kaya ngayon magbangon ka aking Inang nasa hirap

C
Manggagawa at magbubukid
G
Bumubuo ng kawal ng bisig
Dm G
May simulaing mapanghimagsik
C G
Mapanlaban sa mga manlulupig
C
Tanging layon natin ay iligtas
C7 F
Sa tagsalat ang bayang mahirap
Fm C
Nais nating bigyang liwanag
G C
Ang krisis kung saan nagbubuhat
G C
Sa naritong kapisanan nais nating matagpuan
G7 C
Kung alin ang siyang tunay naglalayon ng katubusan
G7 C
Sapagkat maraming taksil nagpapanggap na sila’y lider
G7 C
Sila pala ang naglilibing ng kabaong ng paglaya natin
C G
Nagliliyab na ang buong daigdig
G7 C
Sa pulang watawat ng mga anakpawis

**TUNGGALIAN NG URI**

Capo: 2nd fret
Am – F – E – Am – F – E

Am F E
Suriin ang lipunang ginagalawan
Am F E
Laganap na nagaganap madugong labanan
Am F E
Sa pagitan ng kapitalista’t manggagawa
F E Am
Uring magsasaka at panginoong maylupa

Am F E
Ang labanang ito’y tunggalian ng uri
Am F E
Na dapat nating magagap sa lahat ng sandali
Am F E
Tumatagos ito sa anumang larangan
F E Am
Sanhi ng pag-unlad ng mga lipunan

Refrain:
Dm
May tunggalian ng uri sa pulitika
Am
May tunggalian ng uri sa ekonomya
Dm
May tunggalian ng uri sa kultura
E E7
At sa larangang militar.

Am F E
Ito ay batas na dapat nating tandaan
Am F E
Likas na katangian ng ating lipunan
Am F E
Susi ng makina ng kasaysayan
F E Am
Nang ang sosyalismo ay marating ng taumbayan

**BANGON KAURING ALIPIN**
Am – Dm – Am – E7

Am
Tayo ang pipigil sa ganitong kalagayan
Hindi tayo pasisiil sa malupit na dayuhan
Dm Am E Am
Panahon na upang ating baguhin ang kalagayan
Dm Am E Am
Panahon na upang tayong inaapi ay lumaban
Koro:
Dm Am E Am
Ang laban ng isa ay laban ng lahat
Am Dm Am
Bangon kauring alipin, gapos ay kalagin
Dm Am E Am – E7
Ang bukas ay atin, ang bayan ay lalaya rin
Am
Sistemang mapang-api ay dapat nating ibagsak
Panlulupig ng dayuhan ay dapat na bigyang wakas
Dm Am E Am
Panahon na upang ating tahakin ang pulang landas
Dm Am E Am
Panahon na upang tayong inaapi’y magbalikwas!

E Am
Mangahas makibaka!
E Am
Mangahas magtagumpay!

**DAKILANG HAMON**
Capo: 4th fret
Am – G – E – Am – G – F – E7

Am G E7 Am
Sindihan nating muli ang sulo ng karununga
G E7 Am
Muling pag-alabin ang diwa ng himagsikan
F G E7 Am
Apoy ng mga larangan ay paglagablabin
F G E7 Am – G – F – E7
Ito’y dakilang hamon, paninindigan natin.

Sa lupang ito ating madarama
Nagngangalit na init ng pakikibaka
Apoy na nagdadalit na pilit sinugba
Ng buhos ng ulan, gininaw ang pag-asa

Saan man magtungo’y may dapog ang masa
Kailangang laging gatungan natin ng pag-asa
Ang naiwang baga ay pagliyabin
Ito’y dakilang hamon, susukat sa atin

At kung muling bubuhos ang ulan
At ang ating sulo’y tangkaing sugbahan
Ang dampa ng masa ang ating kanlungan
Apoy sa kanyang puso’y ating kailangan

At sa paglipas ng buhos ng ulan
Ating mamamasdan ang mga larangan
Malayang sisikat ang araw sa silangan
Wala nang hahadlang sa kalayaan

**GUMISING KA, KABATAAN**
F – Fm – C – Am – Dm – G – C – G

C
Gumising ka, o kabataan
 G C – C7
Maglingkod ka sa bayan
 F
Panahon nang imulat
G C G
Ang pikit mong isipan
C
At makiisa ka sa masa
G C C7
Upang ipagtagumpay
F C
Ang lunggati ng ating bayan
F G
Makamtan ang kalayaan
 C
Huwag kang tumigil, o kabataan
 F C
Ang demokrasya ay ipaglaban
 F C
Huwag mong naising ika’y mabuhay
 F G C – G
Kung ang kalayaa’y pangarap lamang
 C
At sa paglaban gawing sandigan
 F C
Lakas ng masa sa himagsikan
 F Fm C – Am
Iyong asahang sa kinabukasan
 Dm G C(G)

Ang laya ay ating makakamtan

**AWIT NG KABATAANG MAKABAYAN**
Capo 1st fret
G-Em-D Em-A-D

D A
Kami ang Kabataang Makabayan
A7 D A7
Bisig ng manggagawa't magsasaka
Em D
Sa lunsod at sa mga lalawigan

D A
Aming layunin paunlarin ang ating bayan
A7 D
Ibagsak ang hacienderong salot ng bayan
G Em D
Kami'y lumalaban sa kaaway ng bayan
Em A D
Mapang-aping kapitalistang dayuhan

D A
Kami ang Kabataang Makabayan
A7 D
Sagisag at ningning ng kalayaan
G Em D
Kami ang Kabataang Makabayan
A Em A D
Apoy ng pagkakaisang walang hanggan

**LRP**

G C
Sineryoso namin ang palasak na kasabihan
Em C D
Na ang kabataan ang pag-asa ng bayan
G C9
Kaya't aming pinag-aralan ang bayan
Em C D
Sa lungsod at/sa nayon, sa buong kapuluan
Am Em
Ano ang mali sa lipunan
Am Em
Ano ang problema, ano ang kalutasan
C
Sino-sino ang kaaway
Bm
Sino-sino ang kaibigan
Am
Sino ang dapat mamuno sa kilusan
C D
Ano ang papel ng kabataang makabayan

Kaya't ginawa namin ang dapat gawin
Nagmulat, nagpukaw, nag-organisa at nagpakilos
Sa aming hanay at sa masa
Nagmamartsa kung saan may pag-aalsa
Iwinawagayway ang pulang bandila ng pagkakaisa
Para sa pambansang demokrasya

C Bb C
Kami ang kabataan
Bb C
Ang pag-asa ng bayan
Bb C
Mag-aral ng lipunan at rebolusyon
Am Em
Hangga't may kabataan
Am Em
Hangad ay kalayaan
C Bm Am G
Ang pakikibaka'y lalago at susulong

**AWIT NG PETI-B (MAY PANAHON)**

Kapayapaan, katarungan ay di
Di dapat hadlangan
Pagtutulungan, dito'y magkaisa
Bawat taumbayan

G – D/F# – C – Am – Em – G

G D/F#
Buhay na nagisnan, puno ng ginhawa
C Am Em
Buhay na kumupkop, di yata makakayang iwan
G Bm
Buhay na kayhirap, bagay na di gagap
C Am Em
Bukas o nakaraan, saan nga ba ang patutunguhan?
C D/B
Naguguluhan pa ako ngayon?
C D/B
Naghihintay na sila roon
Koro:
C D/B Am G
May panahong magduda at magtanong
C D/B Am D
Ngayon ang panahon ng pagharap at pagsulong
C D/B Am G
Pagtatanong ay huwag lubayan
C D/B Am D7
Tunggalian ay walang katapusan

G D/F#
Aking mga mata, malinaw ang nakita
C Am Em
Luha ng kapatid, dusa na di napapatid
G Bm
Diwa ay natalos, humayo at kumilos
C Am Em
Tawag ng pangangailangan, di na matatalikuran
C D/B
At ang bisig ko'y handa na ngayon
C D/B
At makakayang iwan ang noon

Counterpoint sa Koro:
Tanging buhay na sa baya'y laan
Kalayaan ay bigyan ng daan
Tanging hangad ko'y mulat na isipan
Dito sa ating kinagisnang bayan

**MAGSIMULA NG PAG-AARAL**
A – D – A – D – E

A D A D E A
Magsimula ng pag-aaral, kayong magiging lider
D E
Hindi pa huli ang lahat
A D A D E A
Pag-aralan ang ABAKADA, hindi ito sapat
D A E A
Ngunit ito'y pag-aralan, huwag masiraan ng loob
D A E A
Magsimula, magsimula, kailangan malaman lahat

E A D E A
Dapat maghanda ngayon, dapat maghanda ngayon
E D E A
Mag-aral ka, o manggagawa, mag-aral, magsasaka
E D(pause) E
A – A7
Mag-aral ka, matanda o bata, mag-aral, mandirigma
D A Em A7 D
Kailangang maghanda ngayon, magbuo ng karanasan
F# Bm E A
Kayong walang mauwian, usigin ang karunungan
D A Em A D D7 Adim
Kayong inaapi, kayong ginugutom, teorya ay sapulin
Em A7 D
Ito'y sandata natin, kailangang maghanda ngayon

**MARTSA NG KABABAIHAN**

A capella:
Ang buhay ay laging nakalaan
Sambayana'y handang paglingkuran

C – G – F – G

C – Am C – Am
Kababaihan, gumising ka
F Dm
Lumaban at magkaisa
Gm F
Buong tapang at giting humarap ka
G C – G
Sa unos ng pakikibaka
C – Am C – Am
Itaguyod ang himagsikan
F Dm
Sa ilalim ng bandilang pula
Gm F
Iwaksi ang maling kaisipan
G C – G
Wakasan ang kahirapan
Koro:
Am E Am
Ang tatag sa pakikipaglaban
C G C – C7
Panahon na upang 'yong patunayan
F G C Am
Ang buhay ay laging nakalaan
D – D7 G – G7
Sambayana'y handang (laging) paglingkuran

Kababaihan, tumindig ka
Magbangon at makiisa
Sa hanay ng nakikibakang
Manggagawa at magsasaka
Kilalanin ang tunay na kalaban
Mga buhong at taksil sa bayan
May araw ding mangingibabaw
Ang tagumpay ng kasaysayan

**AWIT NG ISANG INA**

Am E7 Am
Dugo at pawis ang puhunan
Dm
Nang iluwal ang sanggol
G C Am
Kayat di tutugot hanggang sa maidulot
E Am E7
Ang bukas na ligtas sa salot
Am E7 Am
Tahan na, anak ko, tahan na
Dm
Nagsisikip ang dibdib ng 'yong ina
G C Am
Mga kamay ko'y masdan, para sa 'yo ay sugatan
E7 Am E7
Sa paglilinis ng marumi ng ilan
Am E7 Am
Pakinggan mo ang daing ng bayan
Dm
Sinisikil ng sakim na iilan
G C Am
Kalayaa'y ginapos, mamamaya'y nagpupuyos
E Am E7
Ang sigaw, pagbabagong lubos
Am E7 Am
Dugo at pawis ang puhunan
Dm
Upang ipagtanggol ang sanggol
G C Am
Mga kamay na laan, umaloy sa duyan
E Am E7
Matututong lumaban para sa bayan

**BABAENG WALANG KIBO**

Dm – Gm – Dm – Gm – A – Bb – A – Bb

Dm
O Bayan kong laging nagtitiis
Gm Dm
Nagmimithi ng paglaya
Gm A Bb – A – Bb – A A7
Sa ibang bansa, lumuluha
D F#m
O, babaing walang kibo
D A
Magnilay ka at mag-isip
Em G
Malaon ka nang inaapi
Em A7 D
At malaon ka nang nilulupig
F# Bm
Bakit hindi ka magtanggol?
F# Bm E A7
May anak kang nagugutom
D
Bunso mo ay umiiyak
A
Natitiis mo sa hirap
D F#m
Ano't hindi ka magbalikwas
G A D A – A7
Kung ina kang may damdamin at paglingap?

D
Labanan nating lubusan
A
Imperyalistang gahaman
Em A
Malaon nang lumulupig
Em A D
Sa tanang kababaihan
F# Bm F# Bm
Alipin na ganap tayo
Alipin na pati laya

E
Na malaong pinag-usig
A E7 A
Demokrasya ng paglaya
Gm
Upang ating mapadali
A E A
Ang labanan ng mga uri
Gm
Tibayan ang mga puso
A Bb A
Alisin ang pagkakimi
A – A7
D
O, babaing anakpawis
A
Buong giting makilaban
Em A
Mangahas kang makibaka
Em A D
Mangahas kang magtagumpay
D
O, babaing manggagawa
D7 G
At babaing magsasaka
G D
Magkaisa't ipaglaban
Em A D
Ang pambansang demokrasya!

**BABAE**
Am

Am
Kayo ba ang mga Maria Clara
Mga Hule at mga Sisa
Dm
Na di marunong na lumaban
Am
Kaapiha'y bakit iniluluha
F E-E7
Mga babae, kayo ba'y sadyang mahina?

Kayo ba ang mga Cinderella
Na lalaki ang tanging pag-asa
Kayo nga ba ang mga nena
Na hanapbuhay ay pagpuputa
Mga babae, kayo ba'y sadyang pangkama?

Koro:
Ang ating isip ay buksan
At lipuna'y pag-aralan
Pa'no nahubog inyong isipan
At tanggaping kayo'y mga libangan
Mga babae, ito nga ba'y kapalaran?

Bakit ba mayroong mga Gabriela
Mga Teresa at Tandang Sora
Na di umasa sa luha't awa
Sila'y nagsipaghawak ng sandata
Nakilaban, ang mithiin ay lumaya

Bakit ba mayroong mga Lisa,
Mga Liliosa at mga Lorena
Na di natakot makibaka
At ngayo'y marami ang kasama
Mga babae, ang mithiin ay lumaya

**BABAE KA**
Capo: 2nd fret

D
Babae ka, hinahangaa't sinasamba
ipinagtatanggol, ikaw nama'y walang laya
ang daigdig mo'y lagi nang nasa tahanan
tanda nang ang pakinabang sa buhay walang alam

Ang pinto ng pag-unlad
sa iyo laging nakasara
harapin mo, buksan mo
ibangon ang iyong pagkatao

Babae ka, kalahati ka ng buhay
kung ikaw kaya'y wala saan ang buhay ipupunla
napatunayan mong kaya mong ipaglaban
ang iyong karapatan at ganap na kalayaan

Ang pinto ng pag-unlad
sa iyo ngayo'y nakabungad
harapin mo, buksan mo
ibangon ang iyong pagkatao
babae ka

Dahil sa akala ay mahina ka
halaga mo ay di nakikita
bisig mo man sa lakas ay kulang
ngunit sa isip ka biniyayaan

Upang ang tinig mo'y maging mapagpasya
upang ikaw ay lumaya, lumaban ka
babae may tungkulin ka
sa pagpalaya ng bayan na siya nating simulain

**BABAE**
Capo: 2nd Fret
Em-D-Em

Em D Em
Bilanggo sa tahana't siniil ang lakas
kinubli sa sumpa ng lipunang marahas
C D
tinuring na marupok at walang kakayahang
Em D Em
harapin ang unos ng buhay

Ginawang palamuti ng mapagsamantala
dangal at pagkatao'y niyurakan nila
laruan kang itinuring, ikaw na nagluwal
nagbibigay ng buhay

C D C D
Tayo na mga kasama, magsuri't palayain ang kaisipan

ngayon na ang panahon ng pagbabalikwas
pagsulong ng kababaihan
di lubos ang kalayaan kung di ka malaya
kapos ang kasaysayan kung di ka kasama
babae, o babae, bahagi ka ng tagumpay

Sa lahat ng larangan maging kasaysayan
maningning ang papel sa mithing paglaya
sa pagsulong ng sangkatauhan

bahagi ka ng tagumpay

**AWIT AY DIRINGGIN**
Am-G
Em-D-C-G
Hangga’t may babaeng

**BANGON, MARIA**

Bumangon ka na Maria
Tanikala mo ay lagutin
Susulong tayo o Maria
Kinabukasa’y papandayin

**BABAYLAN**
Dm-C
Dm
Magbabangon ang mga babaylan
Sa mga bukid at pagawaan
Bb C
Kinikitil ang sumpa ng nakaraan
Dm C Dm
Magbabangon ang mga babaylan

Libong sulo ang iyong pinatay
Kay tagal mo na rin nahimlay sa hukay
Ngunit sa pakikidigma ng bayan
Walang nagbabangon na mga babaylan

Libong ulit ang lakas ng tinig
Nagpupumiglas ang tikom naming bisig
At sa bawat babaeng ating ulayaw
Nagbabangon ang babaylan sa diwa

Nagbabangon ang mga babaylan
Nagbabangon ang mga babaylan

**IBANGON MO**
G-D-C

Ibangon mo ang lupang biktima
Ng karahasan ng panahon
Kababaihan naririnig mo ba
Ang tawag ng rebolusyon

Ang sukat ng tagumpay
Ay wala sa bilang ng namamatay
Ngunit sa bawat tao
Natutong ipaglaban ang buhay

Ibangon mo ang wasak na kahapon
Ikaw ay may lakas na kay tagal tinipon
Buhayin mo ang natuyot na pag-asa
Pasiglahin mo ang tulog pang hustisya

Pumiglas ka mula sa tumali sa sangkatauhan
Isulong mo ang mga pangakong sa ere naiwan

Tularan mo ang pagsikat ng araw
Pero wag kang lulubog
Tapatan mo ang liwanag ng buwan
Ang kinabukasang ikaw ang huhubog

Babae ka harapin mo
Ang laban ay iyo
Dahil kababaihan
Ay bahagi ng magpapalaya sa mundo

**DAGA A NAGTAUDAN**

D G D
Ti daga nagtaudan
G A
Ti daga naiyanakan
D G D
Puon iti pagbiagan
G D
Gaget, ling-et ti puonan

Nagramutan ti puli
Nagpakatan ti ili
Nag-adalan ti ugali
Pag-awidan ti umili

Pagtakderan ti balay
Pagmulaan ti pagay
Pag-inanaan ti patay
Iti daytoy a bantay

Kaapuan ti nag-aywan
saan tayo a baybay-an
Saan maipalubusan
Ti daga ket maawan

Kas pagarigan ket adda
Ti mang-agaw ti daga
Ay, pagtitinnulungan
Bantayan, salakniban

Ti daga nagtadudan
Ti daga naiyanakan
Puon iti pagbiagan
Dara ken bitag ti puonan

Ipinamanang lupain
Dito ako ay nagisin
Dito ako ay nabuhay
At dito rin ako mamamatay

**PAGAY**
A-E-A

A E A
Masapa nga umaway
D A
Diay dalan agmurmuray
E A
Kasta's biag ti aw-away
D A
Naruay ngem maka-upay
E A
Salidummay ay diway

Saan a bareng-baren
Panagtalon a rumbeng
Ut-ut ti iyareng-eng
Siket, bukot ken tumeng
Salidummay ay diway

Dumteng ti panag-api
Ti nakem ko ket nasakit
Irik mangted ti namnama
Gatangen da ti nalaka

Mannalon agsinna-ay
Pannakalugi simmangbay
Bannog awan ti serbina
Anya ngata ti gapu na?
Salidummay ay diway

Intayo ngarud usigen
Dagiti mangirurumen
Dasig ti apo't daga
Agraman ab-abuyot da
Salidummay ay diway

Datayo a mannalon
Intayo agtitipon
Petpetan tay ti kumpay
Wayawayaan ti aw-away
Salidummay ay diway

**ON POTOK**
Dm-C

Onpotok ni eyenadeh na eyenadeh ni Makidjapat

Onpotok na ang lupang nilikha ni Makidjapat
Kakmukan ti Agta, para sa mga Dumagat
Sa puso ng Sierra Madre, tahimik ang aming daigdig
Nang dumating ang mga gahaman dala ay ligalig

Onpotok, ang lupang nilikha ni Makidjapat
Binulabog na ng ingay ng lagareng demakina
Ang yaman ng kagubatan kanilang kinukuha
Panaghoy ng Sierra Madre ang aming ina

Onpotok na ang lupang libingan ng mga ninuno
Lulunurin ng tubig ng dam na itatayo
Onpotok na ayenadeh na ayenadeh ni Makedyapat
Eyen ye nade eyen ye nade para de orat

Eyen ye nade eyen ye nade para de orat

**BAKWIT**

**D'YANDI**

**IISANG SIGAW**
Mula sa maraming lahi
Daang tribong pinagmulan

**ANONG KLASENG BAYANI**

**PAYATAS**

Dm-Gm

Dm Gm Dm Gm
Sinikap naming kami ay mabuhay
Dm Gm Bb-A
Ng payapa at marangal
Kumain man kami
Aming pinagpaguran
Walang kapwang ninanakawan
Dm Gm Bb-A-A7
Walang kapwang nilalamangan

Dm C
Ngunit lagi niyo kaming pinapalayas
Dm C
Ang tahanan nami'y winawasak
Bb A
Pinalipat lipat kung saan-saan
Bb A A7
Kung ilang beses na'y hindi ko na alam

Nangako kayo ng lupang tirahan
Ngunit ibinigay niyo'y basurang libingan
(x2)
..ng aming anak, asawa't magulang

Kami'y hindi na muling aasa
At maniniwala sa inyong salita
Di naming kailangan inyong pakikiramay
Kayong maysala't duguan ang kamay
Sa pagkawala ng maraming buhay

Sinikap naming kami ay mabuhay
Ngunit kayo itong sa ami'y pumapatay
Dm Bb
Mga tinig nami'y malaon nang sinupil
Dm Bb A Dm
Ngayo'y naniningil at naghihimagsik
Dm Bb A Dm
Sa sistemang ito ay naghihimagsik
Bb C D
Haa….aaa…aaah

**MANGGAGAWANG PANGKULTURA**
Am – E – Am – E – E7

Koro:
Am G Am
Tayo na manggagawang pangkultura
G Am
Tayo na sa hanay ng masa
F Am
Sarili ay pandayin
F Am
Sining mo'y likhain
G E Am
Sa gitna ng pakikibaka.
Dm Am
Bawat hagod ng pinsel sa landas ng buhay
F E
Ang bukas ay gawing makulay
Dm Am
Tapang at kagitingan ng mga mamamayan
F E
Ay ating isalarawan
Am
Ang gitara'y tugtugin, mga tinig ay laksan
G Am
Gisingin ang aping bayan
G Am
At ating pasiglahin ang pakikidigma
F E – E7
Sa awit ng paglaya!
(Ulitin ang Koro)
Dm Am
Ang panulat ay sulo na tanglaw sa dilim
F E
Pagsilbihing gabay natin
Dm Am
Sa kwento at tula ay bigyang halaga
F E
Manggagawa't magsasaka
Am
Ang pag-arte at sayaw mga kilos at galaw
G Am
Halawin sa karanasan
G Am

Sa tanghalan ng digma bawat tunggalian
F E – E7
Ng uri’y pag-aralan
(Ulitin ang Koro)
F Am
Sarili ay pandayin
F Am
Sining mo’y likhain
G E Am
Sa gitna ng pakikibaka
G E Am
Sa gitna ng pakikibaka

**BATHALA**
Am7sus-Am9

Am
Bathala likha ninyo ang bawat
Dm
bagay sa mundo
G
Lupang kayumanggi’t luntiang bukirin
Am
Alat ng dagat at tamis ng hangin

Bathala ang bawat bagay ay nagmula sa inyong palad
Ay may tungkulin sa mundong kinagisnan
Sa pagtupad nito ang lahat ay tinitimbang
C
Ang tao inyong hinugis at
D7/F#
pinaahon sa lupa
F
Pinagkalooban ng talino at diwa
E Am
Upang mundo’y ipagyaman

Talino naging ararong nagpaamo sa parang
Naging kumpit na sumagupa sa karagatan
Naging apoy na nagpalaya sa karimlan
A
Sagana sa kayamanan ang
Dm
mundong inyong likha
G
At may bahagi rito ang bawat nilalang
Am
Kung susuyuin lang mula sa
G
kalikasan

Subalit buhay dalisay ay di sapat sa iilan
Sila’y nasilaw sa kinang ng kasakiman
Ganid na diyos ang sinamba

Bb A
Pinaghahatian po nila ang lupa
Karagatan at himpapawid ngayo’y may bakod na
F
Kapwa tao’y hayop ma’y inaagawan ng tahanan
C
Walang nakaliligtas sa kanilang karahasan
E
Kaunlaran at kabutihan daw ang kanilang sadya
Am F Dm
Subalit ang lumilitaw ay isang
F E Dm -E
panggagahasa

C
Bathala ako’y hinugis niyo’t
D7
pinaahon sa lupa
F
Ang aking buhay ay dito nagmula
G C G-G7
At dito rin inaalay
Bathala bigyang lakas itong tanod-lupa
Upang umiral sa mapagsamantala
Panalangin ko’y dinggin sana harinawa
A
Bathala

**DINGGIN MO SANA**
Bm
Bm
Dinggin mo sana
Dinggin ang daing
A
O, Panginoon ng mga abang sawi
Bm
O, Panginoon ng katarungan

Ang kasakiman at karahasan
Ang naghahari ang pag-asang nahasik
Sa mga puso ay binuhawi

Ang bigay ninyong yaman
Sa aba ay pinagkait
May hapis sa kabila ng kasaganahan
Mga batang laman ng lansangan
Sikmurang walang laman
Habang iba ay bingi sa kabusugan

Dinggin mo sana
Dinggin ang hibik
Ng mga dukha na gutom sa pag-ibig
At uhaw na uhaw sa katarungan

**TUMINDIG KA**
Em – D – Em – D – Em

Em D Em
Tumindig ka, bundok ay pagmasdan
D Em
Bukal ng hangin ng tubig at ng araw
D Em
Ikaw na nagbabago sa landas ng mga ilog
D Em
Ikaw na naghahasik ng mga alabok
D Em
Tumindig ka, masdan ang iyong palad
D Em
Kasama’y hawakan nang ikaw ay umunlad
D Em
Kapit-bisig tayong dugo ang nag-ugnay
D Em – E
Ngayon ang simula ng kinabukasan

Koro:
A E
Iligtas mo kami sa panginoong mapang-alipin
A E
Pagkakapantay-pantay at hustisya ay pairalin
D A E
Bugang tulad ng hangin ang bulaklak sa kabundukan
D A E

Tulad ng apoy ang tabak ko’y iyong linisin
A E
Mangyari nawa ang loob mo dito sa lupa
A E
Bigyan mo kami ng tapang at lakas sa pakikibaka
D A E
Bugang tulad ng hangin ang bulaklak sa kabundukan
D A E
Tulad ng apoy ang tabak ko’y iyong linisin

D Em
Tumindig ka, masdan ang iyong palad
D Em
Kasama’y hawakan nang ikaw ay umunlad
D Em
Kapit-bisig tayong dugo ang nag-ugnay
D Em – E
Ngayon at sa oras ng ating tagumpay

A E A E A E
Siya nawa, siya nawa, siya nawa

**BAGONG KRISTO**
D-C

Tayo ang mga bagong Kristo
Kauring api at inaaba
Tutuparin ang habilin
Ng pakikihamok at pag-asa

**ALING PAG-IBIG PA**
Am – F – E (2X)

Am – E7 Am
Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
G G7 C
Sa pagkadalisay at pagdakila
E7 Am
Gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa
F – Dm E
Aling pag-ibig pa? wala na nga, wala
Am – E7 Am
Walang mahalagang hindi inihandog
G G7 C
Ng may pusong wagas sa bayang nakupkop
E7 Am
Dugo, yaman, dunong, katiisa’t pagod
F – Dm E7
Buhay ma’y abuting magkalagut-lagot
F – G C
Ang nakaraang panahon ng aliw
G G7 C – E7
Ang inaasahang araw na darating
F – G C
Ng pagkatimawa ng mga alipin
G G7 C – E7
Liban pa sa bayan, saan tatanghalin?
F – G C
Sa aba ng abang mawalay sa bayan
G G7 C – E7
Gunita ma’y laging sakbibi ng lumbay
F – G C
Walang alaala’t inaasam-asam
G G7 C – E7 (pause)
Kundi ang makita’y lupang tinubuan

Am E7 Am
Kayong nalagasan ng bunga’t bulaklak
G – G7 C
Kahoy niya ring buhay na nilanta’t sukat
E7 Am
Ng bala-balaki’t makapal na hirap
F – Dm E7
Muling manariwa’t sa baya’y lumiyag
Am – E7 Am
Ipakahandug-handog ang buong pag-ibig
G – G7 C
Hanggang sa may dugo’y ubusing itigis
E7 Am
Kung sa pagtatanggol buhay ay kapalit
F – Dm E7
Ito’y kapalaran at tunay na langit

F – G C
Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
G – G7 C – E7
Sa pagkadalisay at pagkadakila
F – G C
Gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa
G – G7 C – E7
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala
F – G C
Gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa
G F – Fm – C
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala

**LUMUHA KA, AKING BAYAN**
Am – E – Am – E – E7

Am E
Lumuha ka aking bayan
E Am
Buong lungkot mong iluha
Am Dm
Ang kawawang kapalaran
E Am
Ng lupain mong kawawa
Am G
Lumuha ka ng sambuntong
C
Kasawiang nagsalakop
Dm Am
Na sa iyo’y pampahirap
B7 E
Sa banyaga’y pampalusog
Am Dm
Ang bandilang sagisag mo’y
E Am
Lukob ng dayong bandila
Bb Am
Pati wikang minana mo’y
B E – E7
Busabos ng ibang wika

Am G
Lumuha ka habang sila
C
Ay palalong nagdiriwang
Dm Am
Sa libingan ng maliit
B E
Ang malaki’y may libangan
Am Dm
Ang lahat mong kayaman ay
E Am
Kamal-kamal na naubos
Bb Am
Ang lahat mong kalayaa’y
E Am
Sabay-sabay na natapos

Am G

Lumuha ka kung sa puso
C
Ay nagmaliw na ang layon
Dm Am
Kung ang bulkan sa dibdib mo
B E
Ay hindi na umuungol
Am Dm
Kung wala nang naglalamay
E Am
Sa gabi ng pagbabangon
Bb Am
Lumuha ka nang lumuha
E A E – Esus – A
Ang laya mo'y nakaburol

A D
May araw ding ang luha mo'y
E A
Masasaid, matutuyo
F#m Bm
May araw ding di na luha
E A
Sa mata mo'y mamumugto
A D
Ang dadaloy kundi apoy
C#7 F#m
At apoy na kulay dugo
D A
Samantalang ang dugo mo
E
Ay aserong kumukulo
A D
Sisigaw ka nang buong giting
C#7 F#m
Sa liyab ng libong sulo
D A
At ang lumang tanikala'y
E A
Lalagutin mo ng punglo!

**PAGBABALIKWAS**
G – C – G – Em – Am – D7 – G – D – G – D7

G G7 C
Luha'y pawiin na Inang Pilipinas
A7 D – D7
'Pagkat sa bukirin ngayo'y namamalas
B7 Em
Mamamayang pilit 'ginupo ng dahas
A7 D – D7
Pawang nakatindig at may hawak na armas
G C
Ang mga pasakit pilit na kinakalas
G D G – D7
Mapagsamantala'y aalisan ng lakas
G G7 C
Dugong magsasakang dati'y idinilig
A7 D – D7
Sa ' yong larangan daloy pa ay dinig
B7 Em
Sa panahong itoy nagsisilbing bisig
A7 D – D7
Ng mga manggagawang siya ngayong may tinig
G G7 C
Sa bagong kilusan sa buong daigdig
Am G D – D7 G – G7
Na siyang magpapatid ng kadena sa bisig
Koro:
C D G
Masdan mo ang parang sa 'yong paligid
Em Am D G – G7
Lahat ay nariyan anak mo ang papatid
C D G
Sa kawing ng imperyalistang ganid
Em Am A7 D – D7
Hanggang ang demokrasya'y maitayo ng tuwid

G C
Huwag ka nang malumbay, Inang Pilipinas
A7 D – D7
Kahit na may ilang anak kang malagas
B7 Em
Moog nating bakal na kubling likuran
A7 D – D7
Ang mga bukirin ay isang katiyakan
G C G Em
Uring mapang-api, ating ibabagsak
Am G Am D7 – G (G7)
At mailalatag ang mapulang bukas

**MENDIOLA**
Em – B7 – Em – B7

Em B7 Em
Mabuhay ay langit sa sariling bayan
Am Em
Kung ang sambayanan ay may kalayaan
Am B7 Em
Umaga ay tula ng kaligayahan
B7 Em
At ang dapithapo'y awit kung pakinggan
Em B7 Em
Inang bayan bakit may piring ang mata
Am Em
May busal ang bibig, may takip ang taynga?
Am B7 Em
May gapos ang kamay ng lumang kadena
B7 Em
Hanap ay paglaya sa daang Mendiola
B7 Em B7 Em
Taas ang kamao, tanda ng paglaban
Am Em
Daan libong anak pagtutol ang sigaw
Am B7 Em
Putok ng armalayt, sagot ng kaaway
B7 Em
Ang akala yata'y uurong ang bayan
Em B7 Em
Nagliliwayway na't mapula ang langit
Am Em
Ang bayang inapi ngayo'y nakatindig
Am B7 Em
Pakikibaka ay lalong sumigasig
B7 Em
Sa daang Mendiola, tagumpay ang awit

**LUPANG SINIRA**

G
Bayang mahiwaga
E7 Am
Sa malayong silangan
C G C D
Alab ng puso sa dibdib mo'y apoy
G E7 Am
Lupang sinira bayan ng magigiting
C G C D
Sa manlulupig ikaw ay lalaban

Em
Sa nayon at lungsod

D G
Itinatag makabayang pamahalaan
Em
May tilamsik ng dugo at pawis
D G
Sa paglayang inaasam

D
Ang pula ng watawat mo'y
G-G/F#-Em
Tagumpay na nagniningning
D
Ang karit at ang maso niya'y
G-G/F#-Em
Hinding hindi magdidilim

C D G-G/F#-Em
Laya ay langit, kaluwalhatia't pagsinta
C D G-Em
Buhay ay lupa sa piling mo
C D G-G/F#-Em
Aming ligayang makita ang baya'y di api
C D G
Ang mamatay ng dahil sayo
C D G-G/F#-Em
Aming tungkuling lupigin ang mapang-api
C D G
Ang pumatay ng dahil sa'yo

**BULOK NA ESTADO**
G – G/F# – Em – Am7 – D (2X) – G

G/F# Em Am7 D
Kay haba ng panahong nagtiis at naghirap
G G/F# Em Am7 D
Na di sana dinanas ng bayang Pilipinas
G G/F# Em Am7 D
Kung hindi nagpatuta at nanghudas
C Em Am7 D G
Ang mga naghaharing uring sa dayuhan kumasabwat
G G/F# Em Am7 D
Kaya't ang nangyari, ang mahirap ay naghirap
G G/F# Em Am7 D
Ang mayaman ay yumaman, ang busog naging bundat
G G/F# Em Am7 D
Kung ganito o bayan ko ang siyang magaganap
C Em Am7 D G
Ang lahat mong anak ay alipin hanggang wakas
G G/F# Em Am7 D
Katulad ngayon, dayuha'y nagpapasasa
G G/F# Em Am7 D
Panginoong maylupa ang kasabwat sa paggahasa
G G/F# Em Am7 D
Sa yaman at karangalan ng bayang minumutya
C Em Am7 D G
Manggagawa't magsasaka, anak mong inalipusta
Koro:
C G C G
Lumaban ka bayan, ito ang tanging lunas
C G Am7 A7 D
Nang ang kadena sa kamay mo'y malagot, magwakas
C G C G
Humarap nang buong tatag, makibaka nang buong sikap
C G Am7 A7 D
Bulok na estado, durugin, ibagsak

D G (break)
Ibagsak Ibagsak!!!

**PANTASYA**
Pasakalye: Am
Am
Kaytagal ko ring nabuhay sa pantasya
Ang buhay raw ng tao'y kapalaran ang may pasya
Dm Am
Tulad ng gulong, mapataas mapababa
B E
Ngunit bakit tayo'y lagi na lang dukha?
Am
Kaytagal ko ring nabuhay sa paniniwalang
Kapalaran daw ng tao'y darating na lang kusa
Dm Am
O ito'y ibibigay ng isang bathala
B E
Ngunit ito pala'y isa lamang haka-haka
Koro:
A F#m
Ang dating mga paniniwala
C#m D
Tinapon ko nang lahat
Dm A F#m
Ang langit nating mga dukha
B E Am
Tayo ang gagawa dito sa lupa.
Am
Ngayo'y alam ko na kung bakit naghihirap
Tayong mga dukhang punung-puno ng haka-haka
Dm Am
Ang langit at impyerno'y sila rin ang may likha
B E
Langit ay kanila, tayo ang kawawa!
Am
Ngayo'y alam ko na ang tunay na mga demonyo
Sila ang nagpapasasa sa kayamanan ng tao
Dm Am
Tayo ang lumilikha ng kayamanan sa mundo
B E
Ngunit tayo pa rin ang nakatira sa impyerno

**APOY NG 1896**
Am – G – C – E – E7

Am G C – C7
Papag-alabin ang apoy ng kalayaan
F D D7 G – G7
Sa puso ng mga mamamayan
C C7 F
Palaganapin ang kanyang lagablab
D D7 G
Sa bundok bukid, pagawaan
F E Am
Ang sigaw ay bigyan ng buhay
D D7 G E – E7
Sa kapanahunan
Am G C – C7
Dumadagundong ang alon ng pagbabago
F D D7 G – G7
Di makakaiwas ang gahama't tuso
C C7 F
Ang kulog at kidlat ay magsisisabog
D D7 G – G7
Galit ng baya'y di matatapos

F E Am
Habang ang paniniil
D D7 G – G7
Ang s’yang dinidiyos

Koro:
C – C7 F
Itaguyod ang pagsulong
G C – C7
Ang pag-aalab ng apoy
F E Am
Ang apoy ng kalayaan
D D7 G – G7
Sa lahat ng panahon
C G C E – E7
Sa lahat ng panahon

Am G C – C7
Panloob na tunggalian ang mapagpasya
F D D7 G
Kaya’t patatagin ang pagkakaisa
C C7 F
Hindi tigil ang tunay na pagbabago
D D7 G – G7
Landas ay malayo at liku-liko
F E Am D D7 G – G7
Pandayin na ngayon ang pagkakabuklod

**WALANG MANG-AALIPIN**

Am G
Walang mang-aalipin
F E-E7
Kung walang pa-aalipin
Am G
Karapatan ng kalagin ang tanikalang hampas ng dayuhan
F E
Karapatan ng bayan ang magbalikwas at lumaban
F G Am
Karapatan ng bayan bawiin ang ninakaw ng dayuhan

A F#m C#m D E
Mga magsasaka magpalaya ng kapwa
A D- E
Sarili ninyo ang lupa
A F#m C#m D E
Mga manggagawa magpalaya ng kapwa
A D
Nasa inyo ang lakas paggawa
E A E
Pakinabangan ang pinaghirapan
F#m C#mA E
Bayang Pilipinas ang sarili’y palayain
A F#m E A
Walang mang-aalipin kung walang paaalipin

**PATAK NG ULAN**
C – G/B – Am – Dm – G

C G/B Am Dm G
Patak ng ulan sa lupaing tigang
C G/B Am Dm G
Wari ay luha ng mga mamamayan
C G/B Am Dm G
Subalit di luha ang laging daratal
C G/B Am Dm G
Habang di tulog ang isip at laman
C G/B C F G
Mga inaapi titindig, tatanaw
F C Am
Sa dakong silangan, kung saan sisikat
F G C
Mapulang araw ng kalayaan

**KANDILA**
C – F – C – G – G7

C Am
Kandila sa gitna ng kadiliman
Dm Dm7/F G – G7
Ang hawak mo sa ‘yong mga kamay
C Am
Umaasang ika’y makakakita
Dm Dm7/F G – G7
Sa pamamagitan ng liwanag niyang taglay
F G C Am
Hindi ka dapat matakot sa pagdilim
F G C Am
Mayron kang kandila, ito ay gamitin
F G
Ang iyong paroroonan
C G C
Ay iyong makikita
C Am
Ilaw na dulot ng ibang kandila
Dm Dm7/F G – G7
Tumatawag pansin, tumutugon
C Am
Pawang mga bituin na nasa lupa
Dm Dm7/F G – G7
Malayo ma’y nais mo pang abutin
Koro:
F G C Am
Halina’t lakbayin hanggang sila’y makasama
F G C Am
Hanggang sa magtipon lahat ng kandila
F G
Ang iyong paroroonan
C G C
Ay iyong makikita

**KALAYAAN**
D – DM7 – D – DM7

D DM7 F#m Bm
Kalayaan! Kalayaan!
G
Kay tamis ng ‘yong pangalan

D DM7
Inaawit ng mga ibon
Em F# – A7
Inuusal ng mga ilog at alon
D DM7
Binubulong ng hangin
Em F#m Bm
Mula sa gubat, parang at baybay-dagat
D DM7 F#m Bm
Kalayaan! Kalayaan!
G
Kay ganda ng ‘yong pangalan
D Bm7(DM7)
Inaawit ng Inang Bayan
Em Em7 F#m
Hinahangad, pinapangarap at hinahanap
D Em
At ang pintig ng aming mga puso
F#m Bm – A7

Ay nagiging sigaw ng bayan
F#m DM7 – Bm
Kalayaan! Kalayaan!
G
Kaytamis ng ‘yong pangalang
D Bm7
Inaawit ng mga anakbayan
Em Em7 F#m
Minimithi, tinataguyod at tinatawag
D A7 D
Kay tagal nang ika’y pinaglalaban
Bm F#m
Kalayaan! Kalayaan!
D A D Em F#m
Hindi kami titigil hangga’t ika’y di namin kapiling
D DM7 F#m Bm
Kalayaan! Kalayaan!
G
Kay tamis ng ‘yong pangalan

**HUWAD NA KALAYAAN**
Capo: 3rd fret
D – A7

D Bm7 Em
May kalayaan ba kung bayan ay dumaraing sa hirap?
A7 Aaug
D
Kung kayamanan ay hawak ng dayuhan at masa ay salat
B7 Em – Gm
Kung manggagawa ay dusta at magsasaka ay inaapi
A7 D
Huwad sadyang huwad ang kalayaan
Em7 A7 D – A7
Kung ang bayan ay ganyan
D Bm7 Em
May kalayaan ba kung bayan ay may gapos ang kamay?
A7 Aaug D
Kung ang katotohanan at katarunga’y nilulupig
B7 Em – Gm
Laksang nagtatanggol ay pinarurusahan at inuusig
A7 D Bm7
Huwad, sadyang huwad ang kalayaan
Em A7 D – A
Kung ang bayan ay ganyan
Koro:
D A7 D – D7
Gapos ay lagutin kamao ay itaas
G A7 D – D7
Tumindig ka’t kamtin ang kalayaan
G A7 F#m B7
Hirap ay lunasan, pang-aapi ay wakasan
Em F# Bm – B7
Ang bayan ay ipaglaban
Em A D (A7)
Ang bayan ay ipaglaban

**MUTYA**
Em – B7 – Em – B7

Em B7 Em E7 Am
Kaytaas ng pader sa aking paligid
B7 Em
Munting pisngi ng langit ang tanging nasisilip
B7 Em E7 Am
Mutya kong ‘tinatangi laging naiisip
Em B7 E
‘Pagkat pagtangis ng mutya’y lubusan kong batid
B7 E C#7 F#m
O mutyang ginigiliw na lukob sa dalita
B7 E
Ang mapaligaya ka’y tanging ninanasa
B7 E C#7 F#m
Ang kundiman kong ito’y pagpugay sa iyong ganda
Am Em B7 Em E
Gandang namumukadkad ‘pag wala ka nang luha

Koro:
G# G#7 C#m
Huwag kang malungkot, sinta sa aking pagkawalay
F# F#7 B7
Anuman ang sapitin, gunita mo ang taglay
B7 A B E
Ang lahat ng aking lakas, nalalabi pang buhay
A F#m B7 E
Sa iyong kapakanan aking iaalay

Counterpoint:
G#
Huwag kang malungkot, sinta *(Bayan kong sinisinta)*
G#7 C#m
Sa aking pagkawalay *(Bakit ka lumuluha?)*
F#
Anuman ang sapitin *(Masdan mo ang ‘yong anak)*
F#7 B7
Gunita mo ang taglay *(Hanap ay paglaya)*
B7 A B7 E
Ang lahat ng aking lakas, nalalabi pang buhay
A F#m B7 E B7
Sa iyong kapakanan aking iaalay
Em B7 Em
Butihing mutya, bayan ko…

**DIWANG WALANG TAKOT**
Capo: 2nd fret

Am E Am – A7
Ang daigdig ko’y isang bilangguan
Dm G7 C
Na mandi’y libingan ng buhay
Dm E Am Am/G
Matataas na pader at pintuang bakal
F Dm E7
Ang nagpinid sa bukas kong puso
Am E Am A7
Hangad palibhasang ako’y ilayo
Dm G7 C
Sa piling ng mutya kong suyo
Dm E Am Am/G
Diwa’y nais kitlin at mata’y bulagin
F Dm E7
Sa paghihirap ng bayang siniphayo
Koro:
A E A – A7
Ngunit yaring diwa’y walang takot
D E A – A7
Sa manlulupig at mapag-imbot
D E A – D
Mga landas tungo sa kalayaan (kanayunan)
A E A – A7
Ay laging matamang susundan
D E A – D
Mga bakas at yapak na iniwan
A E A – A7
Magsisilbing aral sa bukas

D E A(F#m)
Ang kahirapan at luhang (dugong) papatak
D A E A
Alay lahat sa tagumpay

**TIGRENG PAPEL**
A – D – E – E7

A
Ang mga kaaway sa unang tingin
D A
Ay isang higanteng malakas
E A
Ngunit sa harap ng mamamayan
D E A
Sila'y nanginginig
E A
Hindi sila magwawagi
D E A
Mauubos unti-unti
D E A
Kapag ang sandata'y hawak ng masa
D E A
Mukha nila'y nanginginig
D E D E
Sila ay tigreng papel, tigreng papel
D E A
At walang tunay na lakas
D E C#m F#m
Sila ay tigreng papel, tigreng papel
D E A
At tiyak na babagsak!

**TULOY ANG LABAN**
Capo: 2nd fret
C G C
Habang mayroong pagsasamantala
F G C
habang mayr'ong pang-aalipusta
F-G C-C/B-Am
Tuloy ang laban, tuloy ang laban ng masa
F G
Tuloy ang martsa ng pakikiisa

Habang naghahari'y nariyan pa
habang bayan nati'y bihag pa—
Tuloy ang laban, tuloy ang ating pakikibaka
Tuloy ang sigaw ng paglaya
G
Damhin natin ang panaghoy ng bayan
Harapin natin ang totoong kalagayan
Am
Yakapin natin ang kanilang paglaban
F G
Pagbigkisin ang lakas ng mamamayan

Manggagawa tuloy pa rin ang welga
Mga magsasaka daing pa rin ay lupa,
Maralitang tagalunsod tinataboy ng sistema
Kababaihan at pambansang minorya

**SIGAW NG BAYAN**
C – F – G – C

C F G – C
Kamalayan ng buong bayan
F G Dm
Ay umaangat
F G C
Sa paglahok sa pambansang tagisan
F G C
Mamamayan ay tumatatag
E E7 Am
At ngayon ay ang pagpapasya
F G C
Sa paghubog ng ating bukas
E Am
Maging alipin ay hindi ninasa
G G7
Pananakop ay bigyan ng wakas
E Am
Sigaw ng bayan ay himagsikan!
F G E
Sigaw ng bayan ay himagsikan!
E Am
Sigaw ng bayan ay himagsikan!
F G C
Sigaw ng bayan ay himagsikan!

**PANATA NG BAYAN**
Am

Am
Demokrasya, Kalayaan
E
Katarungan, Pagkakaisa
Am
Ito ang mga simulain
Dm E
Ng ating pakikibaka
Am
Nais natin ay lipunan
E
Na malaya at makabayan
Am
Nais natin ay lipunang
E E7
Makatao at makatarungan
Koro:
Am Dm E
Ito ang ating panata at paninindigan
Am Dm E
Ito ang ating panata at paninindigan

Demokrasya hindi diktadura
Kalayaan at hindi kadena
Kapakanan ng bayan, hindi ng dayuhan
Pagkakaisa ng buong bayan
Am
Sulong bayan tayo'y magkaisa
Am
Laban sa uring mapagsamantala
Am
Bangon bayan, sulong bayan
E Am
Magkapitbisig tayo tungo sa tagumpay

**PANDAIGDIGANG AWIT**
Capo 2nd fret
Am

Am
Mamamayan ng daigdigan, magbangon at lumaban
Dm Am E Am
Bawiin mo ang kayamanang kinamkam ng mga gahaman
Am
Uring api'y magkaisa, maghimagsik at makibaka
Dm Am E Am
Wala tayong mapapala sa paghihintay sa bathala
Koro:

Dm
Ito’y huling laban, na tatapos sa ating kaapihan
Am
Ito’y huling laban, na lilikha sa ating kalayaan
Dm
Ang mga gahaman, ay di dapat na mabuhay
E Am
Lipulin silang lahat!
Am
Ang maso at ang karit panghawakan nang mahigpit
Dm Am E Am
Iya’y tanda ng pagkakaisa nating mga anakpawis
Am Dm Am
Sa ating pagkakaisa malilikha ang umaga
E Am
Isang lipunang malaya, walang pagsasamantala
(Ulitin ang Koro)
Ang laot ng kanayunan sa buong daigdigan
Unti-unting pumupula patungo sa kalunsuran
Pandaigdigang himagsikan Ito’y huling pakikipaglaban
Ng buong sangkatauhan Imperyalismo’y labanan
(Ulitin ang Koro)
E Am E Am
Lipulin silang lahat! Lipulin silang lahat!

**HUWAG KA NANG LUMUHA**
Capo: 2nd fret
C – Am – F – G – G7

C Am F G
Huwag ka nang malumbay aming Inang Bayan
C Am F G
Anak mo’y narito ngayo’y lumalaban
C Am F G
Anumang hirap aming lalagpasan
C Am Dm – G C – Am – F – G – C
Buhay ma’y ialay sa ‘yong kapakanan
C Am F G
Huwag ka nang lumuha aming Inang Bayan
C Am F G
Kung sa anak mo’y mayrong mabuwal
C Am Dm G
Maraming magbabangong kapalit na kawal
C Am F – G C – C7
Moog na bakal ang siyang kapantay

Koro:
F (G) G (A) C (D) Am (Bm)
Sandata’y (Kasama’y) hawakan, mga kapatid
F (Em) G (A) C (D) C7 (D7)
Pawiin ang luha ng inang may hapis
F (G) G (A) C (D) Am (Bm)
Dangal na niyuraka’y ating itindig
F (G) G (A) C – Am – Dm – G – C – A7 (D – Bm – Em – A – D)
Kalayaa’y tanghalin (angkinin)
D Bm G A7
Ang ating kilusan, nang ito’y itatag
D Bm G A7
Layunin nito’y iwaksi ang paghamak
D Bm G A7
Ang bayang lumalaban ngayo’y lumalakas
D Bm G – A7 D – D7
Naghahari’y lulupigin hanggang sa wakas

**SULONG MGA KASAMA**
Acapella:
Ang magbuhos ng dugo para sa bayan
Ay kagitingan hindi malilimutan
Ang buhay na inialay sa lupang mahal
Mayaman sa aral at kadakilaan
G – G7

G
Sulong mga kasama huwag matakot
Am
Ang digmang baya’y ating itaguyod
D
Sa pakikibaka ay marami ang unos
G – D7
Subalit ang bukas ay may layang dulot
G
Tayong inaapi ay may angking lakas
G7 C
Kabundukang Sierra Madre ang katumbas
G
Tigreng papel ang imperyalistang gahaman
D G – G7
Tiyak na magagapi sa himagsikan
C G
Ang mag buhos ng dugo para sa bayan
D D7 G – G7
Ay kagitingang hindi malilimutan
C G
Ang buhay na inialay sa lupang mahal
D C D – G
Mayaman sa aral at kadakilaan

G
Sulong mga kasama huwag matakot
Am
Ang digmang baya’y ating itaguyod
D
Sa pakikibaka ay marami ang unos
G – D7
Subalit ang bukas ay may layang dulot
G
Tayong inaapi ay may angking lakas
G7 C
Kabundukan Sierra Madre ang katumbas
G
Tigreng papel ang imperyalistang gahaman
D G – G7
Tiyak na magagapi sa himagsikan

C G
Ang mag buhos ng dugo para sa bayan
D D7 G – G7
Ay kagitingang hindi malilimutan
C G
Ang buhay na inialay sa lupang mahal
D C D – G
Mayaman sa aral at kadakilaan

**NAGBABAGANG LUPA**
Dm – C – Dm – C – Dm (pause)

Dm C Dm
Walang bulaklak sa burol ng dukha
C Dm
Pawang natabunan ng biro at luha
Bb C F Dm
Sa ilalim ng lupa’y nilugmok ang bangkay
Bb A7
Diyan magmumula ang tamis ng halaman
Dm C Dm
Pagtubo ng dahong masakit makasugat
C Dm
Maglilimos muli ang poong mayaman
Bb C F Dm
Habang ika’y hawak ang kanyang larawan
Bb A7

Tatanggap ng abuloy alay sa kagutuman

Koro:
Gm(Am) Dm(Em)
Pulutin mo ang punglong may bahid pa ng dugo
Gm(Am) Dm(Em) A7(B7)
Ipahid ang basang tela sa sumabog niyang puso
Gm(Am) Dm(Em)
Alaala ito ng mga luha
Gm(Am) A7(B7) Dm(Em)
Alaala ito ng nagbabagang lupa

Em D Em
Ikaw ang naulilang ina nitong bayan
D Em
At sa bawat sakadang nag-angat ng palad
C D G Em
Ang iyong ibinigay ay balang may usok
C B7
Sagot sa kagutumang sila rin ang nag-udyok

**AWIT SA BAYANI**
D – D/B – D/G – A7 (2X)
F#7 – A7 – D–D/B – E – A7 – Dsus

D D/B G A7
Nilisan mo man itong daigdig
D D/B G A7
Tinig moy' patuloy na maririnig
Em A7 D – Bm
Lulan ng mga himig mong alay
G A7 D
Na lipos ng pag-ibig
D D/B G A7
Pag-ibig sa bayan sa iyo'y nagluwal
D D/B G A7
At sa manggagawang labis mong minahal
Em A7 D – Bm
Tulad mo ay 'di malilimot
G A7 D
Habang kami ay narito

Koro:
G A7 D Bm
Marami pang dapat imulat, kasama
G A7 D – A
Lipuna'y puno ng problema
Bm – Bm7 – D B6 E
Sa paghinto ng tibok ng puso mo
Em A7
Kami ang magpapatuloy

Em A7 D – Bm
Tulad mo ay 'di malilimot
G A7 D
Habang kami ay narito

**AWIT KAY BAMBI**
Bm – Em – A – Bm, Bm – Em – A – F# (2x)

Bm Em A Bm
'Wag mag-alala mahal na kasama
Bm Em A Bm
Sa 'yong pagkawala makakaasa ka
G A F# Bm
Hindi masasayang alay naming bulaklak
G A F# Bm
Hindi masasayang mga luhang pumatak
G A D Bm
Hindi masasayang aming awit at tula
G A Bm
Ng paghanga at pagdakila

Koro:
G D A Bm
'Pagkat bakas na 'yong naiwan ay aming susundan
G D/F# A Bm
Buong tatag kaming babangon sa 'yong kinabuwalan
G D A Bm
'Pagkat bakas na 'yong naiwan ay aming susundan
G D A Bm,
Libu-libo kaming susulong tungo sa kanayunan

Bm – Em – A – Bm, Bm – Em – A – F#

Bm Em A Bm
'Wag mag-alala mahal na kasama
Bm Em A Bm
Sa 'yong pagkawala makakaasa ka
G A F# Bm
Hindi masasayang ang iyong nasimulan
G A F# Bm
Hindi masasayang buhay mong ipinuhunan
G A D Bm
Hindi masasayang ang sandatang nabitawan
G A Bm
Muli namin itong tatanganan
(Ulitin ang Koro)

G C D Em
Sa piling ng masa,muli naming madarama
C D Em
Ang lambing mo't pagmamahal kasama

**PAGLINGKURAN ANG SAMBAYANAN**

Capo: 6th fret

Dm – Am – Dm – Am

Dm A Dm A
Ang pakikibaka'y pagpapakasakit
Gm Dm A
Ang kamatayan ay pangkaraniwan
Dm Gm Dm
Nagkakaiba lamang ng kahulugan
Gm A Dm A
Kung sino ang pinakikipaglaban
Dm A Dm
Ang mamatay para sa Imperyalistang Kano
Gm A Dm A
Singgaan ng balahibo ang katimbang
Dm A Dm
Ang mamatay ng para sa bayan
C A Dm
Bigat ng Sierra Madre ang kabuluhan
D A
Maglingkod ng tapat sa sambayanan
D
Ito ang ating pananagutan
D G
Magsimula sa kapakanan ng mamamayan
A D
Lagi silang paglingkuran
A D
Ang kalaba'y alisan ng kapangyarihan
A D
Tayo ay magkaisa't lumaban
A D
Huwag matakot sa kahirapan

A D
Hanggang makamtan ang kalayaan

**PULANG LANDAS NG TAGUMPAY**
Bm – A – G – F#7 (2x)
Ooh...

Koro:
Bm
Tayo ngayo'y naglalakbay
A Bm
Sa lagablab ng digmaan
Paglaya ay makakamit
A Bm
Sa paraan ng paglaban
G A Bm
Sakripisyo't kamatayan
G A Bm
Isang salik sa tagumpay
Em Bm
Kailanga'y mapulang bukas
G Bm – F#7
Sa bayang nakahandusay

Bm A Bm
Teorya ay mahalaga pinanday mula sa praktika
A Bm
Mahusay na kaalaman patungo sa mga larangan
G A Bm
Marxismo, Leninismo, Kaisipang Mao Zedong
G Bm G F# – F#7
Hindi lang sa Pilipinas ito'y gabay pangkabuuan
B G# C#m
Pagpuna ay lagi na sa mabuti at maling gawa
F# C#m F# B – F#
At ito ay moog at sandata sa ating pakikibaka
Bm B G# C#m
Ang Bagong Hukbong Bayan at ang Partido'y nakalaan
F# C#m F# B – F#
Sa pagpuna sa kahinaan, pagwawasto sa maling daan

Bm A Bm
Halina't taluntunin matagalang digmang bayan
A Bm
Upang hindi na malihis dapat laging tatandaan
G A Bm
Saligang prinsipyo magsisilbing tanglaw
G Bm G F# – F#7
Tiyak ang ating patutunguhan sa landas ng pagtatagumpay

B G# C#m
Mamamayan ang mapagpasya, gumising at magbangon na
F# C#m F# B – F#
Pandayin makauring sandata, kapit-bisig at magkaisa
Bm B G# C#m
Dambuhalang lakas ng bayan dadaluyong kahit saan
F# C#m F# B – F#
Isinusulong ang digmaan sa pambansang kalayaan

**TAYO'Y NARITO**
D
D Bm Em A
Naaalala mo ba, kasama, simula ng pakikibaka
D Bm Em A
Sa hirap at pagdaluyong, pagsabay sa panahon
F A D A/C# B7
Dalwamput-pito na taon nating isinusulong
Em A D – D7
Digmang bayan patuloy sa pagyabong.

D Bm Em A
Niyakap mo pang sandata, kasabay ng ating panata
D Bm Em A
Paglingkuran ang bayan hanggang katapusan

F A D A/C# B7
Pagkakamali ng kahapon, iwawasto ng pagbabangon
Em A D – D7
Tayo'y narito, patuloy sa pagsulong

Koro:
Em A D B7
'Wag mong kalilimutan ang ating kasaysayan
Em A D – D7
Iyong alalahanin ang sinimulan
Em A D A/C# B7
Tayo ay nagwawasto sa gitna ng digmaan
Em A D – D7
Tayo'y narito patuloy sa paglaban

**AWIT NG TAGUMPAY**
Capo: 2nd fret
Am – C – Dm – E, Am – C – Dm – E

Am C F E
Bangon, bayan tayo'y magwawagi
Am C F E
Abot-tanaw ang bagong araw
Dm G Am A7
Puso, diwa ng bayang dinusta
Dm E C Am
Sumisigaw, hustisya at paglaya
Dm G C Am
Ng bayang api, walang katarungan
Dm E Am A7
Daan-taong hawak ng dayuhan

Am C F E
Sulong, bayan tayo'y magwawagi
Am C F E
Ating yaman laging ipaglaban
Dm G Am A7
Lupa, langit, dagat, kabundukan
Dm E Am A7 Dm
Nasa kamay ng mga dayuhang mapang-api
G Am A7
Ganid, mapagsamantala
Dm E Am
Kapit-bisig, hindi malulupig

Koro:
Dm B
Sumulong ka, bayan tayo ngayo'y lalaban
E F E
Ubod lakas ang tinig isisigaw ang sulong
Am C F E
Tibayan ang hanay gapiin ang kaaway
Am C F E
Tibayan ang hanay gapiin ang kaaway!

Am C F E
Sulong, bayan, tayo'y magwawagi
Am C F E
Ipaglaban ating karapatan
Dm G C Am A7

Hilaga, timog, silanga’t kanluran
Dm E G Am Dm
Bawat sulok ng baya’y nagkakaisang tunay
G C Am
Ang buong kapuluan
Dm E Am A7
Kapit-bisig hindi malulupig!

Dm F Bb A
Bangon sulong, baya’y magwawagi
Dm F Bb A
Sabay-sabay sigaw ng tagumpay
Gm C F Dm
Lunsod, baryo, eskwela’t pabrika
Gm A Dm D7
Ihuhudyat, sigaw ng kalayaan
Gm C F Dm
Ng bayang may apoy sa diwa at dibdib
Gm A Dm D7
Kapit-bisig, hindi malulupig!

Gm F#
Sumulong ka, bayan tayo ngayo’y lalaban
F Bb Am
Ubod lakas ang tinig isisigaw ang sulong
Dm F Bb A
Sumulong ka, bayan tayo ngayo’y lalaban
Dm F Bb A
Sumulong ka, bayan tayo ngayo’y lalaban

**SALUBUNGIN ANG BAGONG ARAW**
Em – D – Em (3x)

Em D Em
Salubungin ang bagong araw
Em D B7
Na malinis ang diwang taglay
Em C
Taas-noong tumanaw sa silangan
D G
Buksan ang dibdib mong alay
D
Sa dambanang ginto ‘ang langit
Am B7 Em – D – Em – D – Em
Ihayag ang pagtatalim-bisig
Em D Em
Dakilang apoy at buhay
Em D B7
Kapantay mo ay kawalan
Em C
Dugo (moog) namin ang tanging alay
D G
Sa ’yo o apoy ang s’yang bubuhay
D
Sa patnubay ng bagong araw
Am B7 Em – D – Em – D – Em
Mithiin ng buong bayan
Em D Em
Tumanaw sa mapulang silangan
Em D B7
Damhin ang espiritung hatid
Em C
Marangal na diwa ay kakamtin
D G
Itatanim sa dibdib at isip
D
Kapag ang hininga ay pumanaw
Am B7 Em
Sasalubong ang bagong araw
Em – D – Em – D – Em

**PAPURI SA SOSYALISMO**
E
E D E
Hindi tayo titigil hangga‘t di nagwawagi
D E
Ang ating mithiing magkapantay-pantay
D
Walang magsasamantala, walang mang-aapi
E D
‘Yan ang sandigan ng ating pamumuhay

Ihahakbang natin ang bagong kaisipan
Ng pinakasulong na uri ng lipunan
Mananaig ang diwa ng proletaryo
Bawat hakbang nati‘y patungong sosyalismo

Magbabago ang paggamit ng ating makina
Hindi na gagamitin sa pagsasamantala
Para sa lipunan ang ating yayariin
Hindi pagtutubuan ang ating lilikhain

Alyansang manggagawa at magsasaka
Lakas at kapangyarihang walang hanggan
Babaguhin ng proletaryo ang buong mundo
Bawat hakbang nati‘y patungong sosyalismo

## PAGKATAPOS NG DIGMA
Am

Am Am7 C G
Paglaho ng usok sa larangang digma
Am G Am
Lilitaw ang lunti ng damo
Am Am7 C G
At tatangayin ng hanging sariwa
Am G Am
Amoy ng pulbura at abo
F G E7 Am F G Am
Ooh, pagkatapos ng digma ay payapa

Pagtigil ng gulo at mga labanan
Sugatan ay aalagaan
Ang mga bayani ay pararangalan
Pinaslang laging tatandaan
Ooh, pagkatapos ng digma ay paghilom

Refrain:
Am G F E
Ang mga manlulupig ay uusigin
Am G F E
Ang bawat krimen nila’y lilitisin
F G E7 Am
Kundi sa pagkagahaman nila
F G Am
Tayo’y di nangailangang mag-alsa
F G E7 Am F G Am
Ooh, pagkatapos ng digma ay hustisya

Ang mga magsinta’y muling magkikita
Mag-anak muling magsasama
At mula sa abo tayo’y magpapanday
Ng sariwa at bagong buhay
Ooh, pagkatapos ng digma ay ligaya

Ang tigang na lupa’y muling bubungkalin
At ang ani’y laan sa atin
Ang mga pabrika’y muling paaandarin
Likhang yaman ay ating angkin

Ooh, pagkatapos ng digma ay sagana

*Ulitin ang refrain*
Tulay:
Am-G-F-E
Aaah… (4x)

At kung ang bayan ay muling lupigin
At laya natin ay tangkang agawin
Hindi na muling paaalila
Kapit sa sandata’y di manghihina
Ooh, sa digma ay sisilang ang payapa

**KUNDIMAN AT REBOLUSYON**
C – G/B – Am – Am/G – F – Gdim-Dm – Fm – C – Am – Dm – G – C

C G/B Am Am/G
Sa tuwing kita’y mamamasdan
F Gdim Dm Fm
Sa tuwing ika’y naririyan
C Am Dm G C
Hatid kong sabihin ang tanging pagtingin

Di man nasasambit
Ng puso ang tanging pag-ibig
Ang bawat kataga sa aki’y panata

Koro 1:
Edim Gdim Dm
Kahit mayro’ng balakid
E Am Fm
Pilit kang aabutin
C Dm
At ang bawat bukas, ang puso ko’y
G C
Habilin ko sa ’yo

Sa tuwing tayo ay magkasama
Sa piling ng masang sinisinta
Lalong napapanday
Ating pagbibigkis

Bawat panaho’y ibibigay
Ang buhay ay handang ialay
Pagsuyo nating dal’wa
Dalisay ng digma

Kahit mayro’ng balakid
Ating babagtasin
At ang bawat bukas
Pag-ibig ay alay sa isa’t isa
Kahit mayrong balakid
Ating babagtasin
At ang bawat bukas
Pag-ibig nati’y alay sa sambayanan

**KAPIT-BISIG**
C – G/B – Am – Am/G – F – G – C (2x)

C G/B Am F G C
Mahaba man ang daang ating nilalakbay
C G/B Am F G C
Mataas man ang bundok na ating inaakyat
C G/B Am F G C
Malawak man ang parang na ating binabagtas
C G/B Am F G C
Lahat ng ito’y makakaya nating lagpasan

C G/B Am F G C
Init ng haring araw hampas ng bagyo’t sigwa
C G/B Am F G C
Hindi alintana, hirap na nadarama
C G/B Am F G C
‘Pagkat sa isipan ang baya’y paglingkuran
C G/B Am F G C
At ang tanging buhay sa kanya’y iaalay

Refrain:
D A G D
Abutin man ng pagod, hirap at sakit
D A G D
Diwa’t prinsipyo’y hindi magagapi
D A G D
‘Pagkat ikaw at ako’y may wagas na pag-ibig
D A G D – D7
Sa ating bayang malaon nang api

Koro:
Bm F#m Em A7
Kapit-bisig tayo aking mahal
Bm F#m Em A7
Kapit-bisig tayong magpapanday
D A G D
Sa kinabuksang ganap na malaya
A G D
Kapit-bisig tayo sa landas ng tagumpay

C G/B Am F G C – G/B – Am
Dugo at pawis, yan ang ating puhunan
F G C G/B Am
Makamtan lang ang kalayaang inaasam ng bayang
F G C – A7
Lugmok sa hirap at dalita
(Ulitin ang refrain at Koro)
D A G D
Ooh… ooh… ooh…
D A G D
Sa ating bayang malaon nang api

**WALANG HANGGANG PAALAM**

5th fret
E-C#m-A-F#m B
Em-B7-Em-F#m B

Em Am
Di ba tayo'y narito
D G
upang maging malaya
C D Bm-B
at upang palayain ang iba

Ako'y walang hinihiling
Ika'y tila ganoon din
Sadyang bigyang-laya
E B
Ang isa't isa

E C#m A
Ang pag-ibig natin ay walang
B
hanggang paalam
E C#m A
At habang magkalayo papalapit
G#
pa rin ang puso
Cdim C#m/B
Kahit na magkahiwalay
F# B
Tayo ay magkasama
E C#m A B
Sa magkabilang dulo ng mundo

Ang bawat simula ay siya ring katapusan
May patutunguhan ba ang ating pagsinta
Sa biglang tingin, kita'y walang kinabukasan
Subalit di malulupig ang pag-asa

**AAWIT AKO**
B
B
Nais kong awitin

A B
Mga tula sa pader
Taghoy at panawagan
A B
Ng ating panahon
A B
Ahay...Ahay...Ahay

Sikmurang tuyo sa tag-ulan
Diwang tigang sa tag-araw
Ito ang kalagayan ng sawimpalad
kong bayan
Ahay...Ahay...Ahay

Nais kong awitin
Mga hinabing himig
Nasanlang mga buhay
Sa kasunduang malupit
Ahay... Ahay... Ahay...
Ahay... Ahay... Ahay

Koro:
B
Aawit ako
A
Kasama ng aking bayan
G#m
Aawit ako
A
Ng awit ng kinabukasan
B
Ng iisang himig
A
Ng bayan kong sinisinta
G#m
At lilikhain ang bukas
A F#
Maunlad at malaya

Nais kong awitin
Mga tula sa pader
Taghoy at panawagan ng ating panahon
Ahay...Ahay...Ahay

Palasukong mga pinuno
Sa dayuhan nagsisilbi
Bayan nati'y inilako
Sa utang ipinako
Ahay...Ahay...Ahay
Ahay...Ahay...Ahay

**DALUYONG**

C-D-Em-B7

Em D-Em
Dumarating na ang unos

C D-Em
Tila lintik na nagngangalit
Em D Em
Sa mga daan bumubuhos
C D-B7
Dumagundong ang himagsik
Em D-Em
Natitibag ang mga lansangan
C D-Em
Yumayanig ang himutok
Em D-Em
Husto na! Sigaw ng bayan
C D-B7
Simula ng pagtatapos

Koro:
Em D-Em
Asero ang kapitbisig
C D Em
Sa wagayway ng paglaban
Em D Em
Tutupukin sa apoy ng paniniil
C D B7
Lulunurin ng dagat
Em G

Daluyong daluyong
C B7
Isa palibutan ng lahat

**BAYAN BAYAN KO**

C
Bayan, bayan ko
Am F G
Gumising ka ang kalayaan mo'y inagaw na
C
Taumbayan,
Am F G
kumilos na at sama-sama sa pag-alsa

C Am
Walang magbubulag-bulagan
F G
Walang magbibingibingihan
C Am
Sa problema ng bayan
F G
Pagkilos ang kailangan
C Am
Sa daming pinagsasamantalahan
F G
Sa 'ting lipunan
C Am
Walang tanging paraan kundi
F G (A)
Pag-aklas ng sambayanan

Maalab ang paglaban
Mula sa kanayunan
Patungong kalunsuran
Nagkakaisang mamamayan
Lulupigin ang kaaway
Dudurigin ang mapang-aping hanay
Ng ganid na dayuhan
At mga taksil sa bayan

D-Bm-G-A
Mula sa pangunahing pwersa
Hanggang sa pambansang burgesya
Magluluwal ng paglaban
Ang bayang nagdurusa
Angkinin ang tagumpay
Kakamtin ang pagkakapantay-pantay
Habang buhay
Sa patnubay ng dakilang gabay

BUKLOD

**AWIT PARA SA MGA BATA**
Capo: 4th fret
C-F-C-F
C FM7 C FM7 C
May mga batang lumaki sa kandungan ng dagat
may mga batang nabuhay sa init ng araw
G Am
may isinilang sa tahanan ng dalita
G Am F G
o minulat at hinubog ng lansangang marahas

May mga batang kinandili ng yaman at tuwa
sa matayog na pangarap ipinako ang bukas
may iniluwal sa luwalhati ng tag-ani
o musmos na sumibol sa gubat ng digma

Nais nilang maglaro sa damping damuhan
pitasin langhapin ang sariwang mga bulaklak
akyatin ang malabay na punongkahoy
sumayaw sa himig ng musmos na halakhak

F C
Baklasin ang bakod sa pagitan ng mga bata
F C G
hayaan silang pagsaluhan ang biyaya ng kalikasan
bigyang laya silang bigkasin ang sariling tula
aawitin ang himig ng sagana at payapang bukas
C-G-F
Haaa…

Alisin ang bakod sa mga bata
pagsaluhan ang biyaya ng kalikasan
alisin ang bakod sa mga bata
pagsaluhan ang biyaya ng kalikasan
Haaaa…

**NASA ATIN ANG PANAHON**
C-C/B-Am-G-G/F#

G C
Nais kong makipaglaro sa alon
G C
at sa saliw ng hangin ay sumayaw
G C-C/B-Am
nais kong makatalik ang rilag ng kalikasan
C-C/B-Am D
ngunit mananatili hanggang pangarap na lamang

Mga dagat at ilog may lason at dugo
kailan kaya ito mahihinto
isang araw bawat tuwa ay papanaw
mga bata'y masasadlak sa hirap ng buhay

Am G F
Halina't likhain itayo ang bukas
para sa ating mga anak
ipaghanda sila ng daigdig na sagana
nasa atin ang panahon

O itayo ang bukas
para sa ating mga anak
ipaghanda sila ng daigdig na sagana
nasa atin ang panahon
nasa atin ang lakas

**TUMINDIG KA**
A-D-A-D
A D A D A

Tumindig ka ipaglaban ang karapatan
A F#m D E
tumindig ka ipagtanggol ang karapatan
tumindig ka ipaglaban ang karapatan
tumindig ka ipagtanggol ang karapatan

Daantaon na ang nakalilipas
E
ilang pangulo na ang nagdaan
D A
wala pa ring asenso si Juan
F#m E
busog pa rin sa kahirapan

Daan taon na ang nakalilipas
ilang pangulo na ang nagdaan
wala pa ring masilungan si Juan
tagni-tagni pa rin ang kasuotan

Daan taon na ang nakalilipas
ilang pangulo na ang nagdaan
wala pa ring sariling lupa si Juan
nakikisaka at baon sa utang

Kulang pa rin ang sweldo ni Juan
wala pa ring sariling lupa si Juan
wala pa ring masilungan si Juan
lubog pa rin sa kahirapan

Tumindig ka, tumindig ka, ipaglaban mo si Juan
tumindig ka, tumindig ka, ipagtanggol mo si Juan

**SAG-OD (LUPAO)**
E-FM7
E FM7 E
Kahit dugong pinakupas ng panahon
alaala'y narito't tumataghoy
sa nasawing kamag-anak at kanayon
alaalang binubuhay hanggang ngayon

Nakalagak sa gunita ang bawat mukha
bawat lakas na hininga't munting tuwa
ang ligalig sa iniwang mga dampa
di na huminto sa puso kong nagluluksa
A B E /Eb C#m
Alaala'y may balabal ng hinagpis
A B7 A E
at may tinig ng langit ang tumatangis
FM7-E-Ebdim-E
wari'y sumpa sa tinamong panggagahis
wari'y sumpa sa salarin na mabangis

Alaala sa gunita ang dalita
sa panahong nagliliyab pati lupa
at sa luha ng tulad kong naulila
sumisibol ang adhika ng paglaya
A G#m C#m

Ngunit ayan din ang yabag na narinig
A /G#-F#m B7
at ang tinig na asidong isinumpit
at sino ba sa amin ang nakababatid
na ito rin ang panahong anong lupit

Totoo bang di na abot ang liwanag
itong sulok na puntod din ng pangarap
kung tunay ngang katarungan ay lumaganap
itong sulok ay nawaglit sa hinagap

Lupao, Lupao, ang dugo mo'y humihiyaw
huling habilin ka sa talim ng balaraw
Lupao, Lupao, sumasaksi ang tag-araw
sa patuloy na araw ng pamamanglaw

Nakapunla sa gunita ang dalita
sa panahong nagliliyab pati lupa
at sa luha ng tulad kong naulila
sumisibol ang adhika ng paglaya

**KASAYSAYAN**

D C G D
May isang bayan doon sa silangan
D C G D
Pilipinas ito ang ating bayan
C D
Perlas ng silangan sa taglay niyang yaman
D C G D
Lahing kayumanggi handang makipaglaban

Subalit dumating ang dayong kastila
Dala nila'y kultura na sa atin ay luminlang
Ang tanging hangad nila ay ang ating yaman
At ang bayang tumutol kanilang pinaslang

Subalit maraming bayaning lumaban
At sumiklab ang himagsikan
Maraming nag-alay ng kanilang mga buhay
Kalayaang nais unti-unting sumilay

Subalit sumalakay dayong Amerikano
Kanilang inagaw an gating kalayaan
Kanilang ibinigay huwad na kalayaan
Kaya't an gating baya'y pinagharian nan g dayo
Kaya't ang ating baya'y naging isang bilanggo

Subalit di pa tapos ang ipinaglalaban
Hangga't an gating bayan ay hawak ng dayuhan
Hindi dapat tumigil hangga't di makamtan
Ang hangad ng bayan ay tunay na kalayaan

**BUKSAN ANG IYONG PUSO**

C-C/B-Am-Em-F-C-D-G/B

Ano kayang bukas ang darating
Sa bayang may pasakit pagka't biyaya'y pinagkait
Kayrami nang batang kagigising lamang
Sa maagang pagpanaw ng pag-asa o buhay

Koro:
F Em Dm7 C
Buksan ang iyong puso huwag ka nang magsawalang kibo
F Em Dm7 C
Pagluha’y di sapat ang kailangan ay pagganap
Dm Em
Ibahagi ang iyong panahon
F G C (Intro chords)
Sa pagtugis ng nilalayon

Damhin mo ang hapdi at pait ng kahirapan
Na ngayo’y nararanasan ng iyong mamamayan
Ilan na bang mga musmos ang sinawi ng dalita
Ilan na bang mga bayani ang nag-alay ng lupa

Kailan mo pakikinggan ang tawag ng bayan?
Ngayon na ang panahon ang pagkilos mo’y kailangan
Nagpipiglas ang damdamin
Maayang bukas ay yakapin

**SAKADA**

C F G C
Bakit kaya nagkaganyan
F G C
Ang ating kapaligiran?
F G C-C/B-Am
Doon, dito ay luhaan
F G C
Kahit saan may tangisan

Bakit kaya naghihirap
Kayong mga lumilikha?
Ng yaman ng ating bansa
Tayong mga manggagawa

Koro:
F G C Am F
Tanong ko sa inyo, isa lamang mga kaibigan ko
G
Tanong ko ay pakinggan nyo
F G C-C/B-Am F G C
Saan tayo patutungo, saan mula rito?

Ngunit nagbabago ang lahat
Kung tayo ang siyang gaganap
Lakbayin natin kahit may kalayuan
Ang maaliwalas na daan

Tatlong bundok man ang hadlang
An gating paroroonan
Hukayin natin hanggang sa mawala
Tayong lahat ay lalaya

Tanong ko sa inyo isa lamang mga kaibigan ko
Tanong ko ay pakinggan niyo
Saan tayo patutungo
Sa kalayaan mula rito
Kailan tayo patutungo
Sa kalayaan mula rito
Ngayon tayo patutungo

**WALISTINGTING**

Sa nakikita ko at aking naririnig
marami sa ngayon ang hindi umiimik
kahit alam nilang lipunan ay di nag-iba
wala raw magagawa, mabuti pang tumahimik

Kailan ka kikilos, kailan ka hahakbang
hihintayin mo bang mahuli ang lahat
kailan matututo sa naging karanasan
ang mga pagpapasya'y nasa ating mga kamay

Suriin ang tingting, sampu ma'y kayang baliin
ngunit kung marami'y di mo na kakayanin
kaya't 'wag isiping wala tayong magagawa
kung nagkakaisa tagumpay ay makukuha

Kaya't halika na, kumilos, humakbang
huwag nang hintayin pang kayo ay maiwan
ngayon ay tayo na, kumilos, humakbang
nasa pagkakaisa ang layang inaasam

**ANG ATING AWIT**

D-A-Bm-A-D-A-G-D

D A Bm F#m
Tulad ng apoy ang pag-ibig natin
G D A D
Tulad rin ng patak ng ulan
A Bm F#m G
Di ba’t pag-ibig ang nagbuklod sa tin
D A Bm
Upang mag-kaisa?

A G D
Sa panahon ng lungkot at alinlangan
A A/Bb-Bm
Tayo ay magkaramay
A G D
Sa ligaya’t mga kabiguan
A
Tayo’y magksama

Sa init at lamig ng lansangan
Nabuhay an gating awit
Tulad ng isang bagong umaga
Liwanag ang hatid niya

Malayo pa an gating lalakbayin
Maraming awit pa ang lilikhain
Hangga’t isa ang puso at damdamin
Laya ay darating din

Koro:
D A G A
Ang ating awit
D A G A
Ay awit ng kalayaan
D A G A

Ang ating himig
D A G
Ay pag-ibig

Hangga’t kayo ay kasama ko
Lilikha tayo ng awit
Apoy itong magliliyab
Sa magdamag

JOEY AYALA

**MANONG PAWIKAN**

G F/G
Manong, Manong Pawikan
C/G G
Tahanan ay pasan-pasan
G F/G
Wala ba kayong mapaglagyan
C/G G
Sa lupang kinagisnan?
F/G
Sa hampas ng alon
C/G G
Sa agos ng daang taon
F/G
Patuloy kayong gumagapang
C/G G
Yapos-yapos ang putikan

Subalit sa laot
Laya nyo’y nadaratnan
Lumulutang, sumisisid
Sa kailalim-laliman

Koro:
Em CM7
O, Manong Pawikan
Am D
Ako sana’y turuan niyo
Em CM7
Kung ano ang paraan
D G
Na ang mabigat ay gumagaan

Manong, Manong Pawikan
Tayo ba’y magkaangkan
Ako ma’y may tahanan
Subalit walang mapaglagyan

Ang lupang namalayan ko’y
Punung-puno ng bakuran
Na lalong pinatibay
Ng titulo’t kasulatan

O, Manong Pawikan
Di ko maintindihan
Ang lupang pinanggalingan ko
Ngayo’y ari-arian

**MAGKABILAAN**

Am7-G-D

Ang katotohanan ay may dalawang mukha
Ang tama sa iyo’y mali sa tingin ng iba
May puti, may itim
Liwanag at dilim
May pumapaibabaw at may sumasailalim

Ang tubig ay sa apoy ang lupa ay sa langit
Ang araw ay sa gabi ang lamig naman ay sa init
Kapag nawala ang isa ang isa’y di mababatid
Ang malakas at ang mahina’y magkapatid

Koro:
Magkabilaan ang mundo (x3)

Ang hirap ng marami ay sagana ng ilan
Ang nagpapakain, walang laman ang tiyan
Ang nagpapanday ng gusali at lansangan
Maputik ang daan tungo sa dampang tahanan

May mga haring walang kapangyarihan
Mayroon ding alipin na mas malaya pa sa karamihan
May mga sundalo na sarili ang kalaban
At may pinapaslang na nabubuhay nang walang hanggan

May kaliwa’t may kanan sa ating lipunan
Patuloy ang pagpupunyagi, patuloy ang paglalaban
Pumanig ka, pumanig ka, huwag nang ipagpaliban pa
Ang hindi makapagpasya ay maiipit sa gitna

Bulok na ang haligi n gating lipunan
Matibay ang pananalig na ito’y palitan
Suriin mong mabuti ang iyong paninindigan
Pagka’t magkabilaan ang mundo

**WALA NANG TAO SA STA. FILOMENA**

Dm – Am (3x), Bm – E

Am Dm Am
Nag-iisang lumilipad ang langay-langayan
Dm Am F E
Anino niya’y tumatawid sa nanunuyong palayan
Am Dm Am
Tanging sagot sa sigaw niya ay katahimikan
F#dim F#dim/A E
At kaluskos ng hangin sa dahon

‘Sang ikot pa huling sulyap mula sa ibabaw ng bayan
Mga kubong pinatatag ng nipa at kawayan
“Paalam na, paalam na” ang awit ng langay-langayan
Ngunit walang nakasaksi sa palayo niyang lutang

Koro 1:

Dm Am Dm Am
‘Pagkat wala nang tao sa Santa Filomena
Dm Am G C
Walang aani sa alay ng lupa
F E F E
Nakayuko ang palay, tila bang nalulumbay
Am G F E
Tila bang naghihintay ng karet at ng kamay
Dm – Am – F – E- F# – F#7
Nahihinog ang bunga ng mga mangga’t bayabas
Pinipitas ng hangin at sa lupa’y hinahampas
Sinisipsip ng araw ang tamis at katas
Iniiwan ang binhing umaasa

Bm Em Bm
At pagdating ng tag-ulan sa pinaghasikan
Em Bm G F#
Upang hugutin ang buhay mula sa kamatayan
Bm Em Bm GM7
Muling dadaloy ang dugo sa ugat ng parang
Bm G F# Bm
Subalit ang lahat ng ‘to’y masasayang

Koro 2:

Em Bm Em Bm
‘Pagkat wala nang tao sa Santa Filomena
Em Bm A D
Walang aani sa alay ng lupa
G F# G F#
Ang palay ay nakayuko, tila bang sumusuko
G A G F#
Naghahandog ng buhay sa karit at kamao

Bm Em Bm
Lumilipad, sumisigaw ang langay-langayan
Em Bm G F#
Nasaan ka, at bakit ka nagtatago, taumbayan
Bm G D
Panahon na, panahon nang balikan ang iniwan
Bm D G F#
Dinggin natin ang tangis ng abang langay-langayan
Bm G F# Em
Dinggin natin ang tangis ng abang langay-langayan

**AWIT NG MORTAL**

C-G-A-D-G-D-G
Em D G-G/F# Em
Ano ang sukat ng halaga ng 'sang buhay
D Em D
kayamanan ba o di kaya ang pangalan
G D G D
ano ang titimbang sa husto o kulang
Em-Bm C-G D
ng katuparan ng adhikain at paninindigan

G Em Bm G D G
May gantimpala bang dapat pang asahan
C D C D E
upang kumilos nang tama't makatwiran

C G Am
Saglit lamang ang ating buhay
C D Bm-B
tilamsik sa dakilang apoy
C G A D
ang bukas na nais mong makita
G A D
ngayon pa ma'y simulan mo na

Ang bawat tibok ng iyong puso
minsan lamang madarama
ito ang kumpas ng aking awit
na sadyang may hangganan

May gantimpala bang dapat pang asahan
upang kumilos nang tama't makatwiran
Katawan at isipa'y kukupas, sa lupa'y yayakap din
subalit ang bunga ng iyong pamana'y
higit pa sa pinagmulan

Saglit lamang ang ating buhay
tilamsik sa dakilang apoy
ang bukas na nais mong makita
ngayon pa ma'y simulan mo na

THE JERKS

**SAYAW SA BUBOG**

C G
Buwan ng Pebrero
C G
Buwan daw ng pagbabago
F C
Anong klaseng pagbabago
G
Ano sa palagay mo?

Bumaha ng pangako
Lason ay isinubo
Tuloy sa pagkakapako
May utang pati apo

Am Em
Kasinungalingan
Am Em
Isang kahangalan
F C
Walang libreng kalayaan
G
Ito’y pinagbabayaran
Palabas na moro-moro
Ito kaya ay totoo
EDSA ng pagbabago
Saan, kailan, kanino?

F C G C
Sayaw, Sayaw, Sayaw sa bubog
F C
Ang naglalakad ng tulog
G C
Ay tiyak na mauumpog

Tuloy ang ligaya
Sa iba’t ibang hasyenda
Manggagawa’t magsasaka
Kumakalam ang sikmura

Sari-saring kaguluhan
Nakawan, karahasan
Kailan nyo titigilan ang mga mamamayan?

**TAMBOL**

E-D-A

F#m A
Ilabas na ang tambol
E
tambol ng kalayaan
tugtugin, tugtugin
gisingin ang bayan
sa buong kapuluan
at sangkatauhan
katarungan kapayapaan
at kalayaan

C#m-A-B
Sa abuso ng dayuhan
sa pakikialam
sa pagyurak ng dangal
ng ating kasarinlan

Ilabas na ang tambol
tambol ng pagbabago
tugtugin, tugtugin
gisingin ang mga tao
sa buong kapuluan
at sangkatauhan
katarungan, kapayapaan
at kalayaan

Sa kawalan ng respeto
sa karapatang pantao
kapangyarihang inaabuso
bayang may baril sa ulo

Ilabas na ang tambol
tambol ng kapayapaan
tugtugin, tugtugin
gisingin ang bayan
sa buong kapuluan
at sangkatauhan
katarungan, kalayaan
at kapayapaan

Kapayapaang makatarungan
doon lang makakamtan
ang matwid na lipunan
walang sugat ng nakaraan

**RAGE**
Em-C-Em-C
Em C
Children begging in the streets at night
G D
Knocking on cars til the morning light
People standing in line for a kilo of rice
Welcome to the dark ages, the era of light

Dreams of progress of visions gone mad
Mendiola's still drenched with innocent blood
Demolition men rumble through Smokey
mountain homes
Darkness in deed, justice dressed in blue
Chorus:
G D
But go not gently into the night
Em C
Rage against the dying of the light
sing a song against the terrible sight
Rage until the lightning strikes
go not gently, go not gently, go not gently
and rage with me
go not gently, go not gently, go not gently
and rage with me

And the names and the faces of the tyrants
change
But poverty, pain and murder remains
And the voices of truth are locked up in chains
Darkness remains, freedom in flames

But go not gently into the night
rage against the dying of the light
sing a song about this terrible sight
rage until the lightning strikes
go not gently, go not gently, go not gently
and rage with me
go not gently, go not gently, go not gently
C D
and rage with me

(Repeat Chorus:one step higher A-E-F#m-D)

**MINSAN KARANIWANG TAO**

G-C-G

Minsan isang empleyado
Matapat sa serbisyo
Matiyagang nagtatrabaho
Wala pa ring asenso

Minsan nama’y isang tuso
Kasakiman ang nasa puso
Sipsip mapagkanulo
Siya’y may mantika sa nguso

Koro:
C G
Lagi na ganito
C G
Ang biktima at naloloko
C G D
Lagi na lang naaapakan ng malalaking tao

Minsan karaniwang tao
Mabait at pasensyoso
Pag laging inaabuso ay naghuhuramentado

Minsan isang manggagawa
Dahil sa sweldong kay baba
Dumaing at nagsalita
Bigla na lang bumulagta

Minsan isang magsasaka
Nagpunta sa mendiola
Ang sadya ay reporma
Sinalubong ng bala

Minsan isang gobyerno
Kay layo sa mga tao
Walang gawa kundi manloko
Gutom na ang mga tao

Kay liwanag ng palasyo
Marangya at palalo
Ang buwis ng mga tao
Inuubos sa luho

**Linta**
Em-C-D

ALAY SINING

Awit ng Kasaysayan

Em--

Em
Ating balikan ang kasaysayan
Damhin ang lupang niyanig
Masdan ang lupang dinilig
Ang lupang pinag-alayan
D
ng dugo
Em
O kay pula ng dakilang pag-ibig (2x)

Sariwain/Pag-aralan ang kasaysayan
Iwasto ang pagkakamali
Buhayin ang mga mithi
Pangibabawan ang kahinaan
Sa dugo tutubusin ang bayan kong sawi (2x)

Koro
D Em
Kaya mga kasama
G D
sumulong tayong muli (muli tayong susulong)
D Em
Hudyat nati'y katuwiran
katarungang di magagapi
D Em
Kaya mga kasama
G D
muli tayong lumaban (muli tayong lalaban)

D Em
Lakas nati'y dadaluyong sa paglikha ng kasaysayan

Em
Dadaluyong sa paglikha ng kasaysayan...

Hanggang Huling Patak

C-C9-(3x)Bb—

C C9 C C9
Pagkat ang 'yong kabayanihan
C C9 Bb
inianak ng kahirapan
C C9 C C9
inaruga ng kaapihan,
C C9 Bb
bininyagan ng digmaang bayan

Koro
C
Kamao mo'y bala
Bb
na tatagos sa puso
C C9
ng mapagsamantala
C
Ang puso mo'y bagang
Bb
maghahatid ng takot
C C9
sa mapang-aping mata
C
Ang mata mo'y ilaw
Bb
sa dugong ibubuwis
C C9
hanggang huling patak
Bb C-C9
Bayani ka, bayani ka(2x)

Pagka't ang 'yong katapangan ay buhay at kamatayan Buhay sa kalayaan, Kamatayan sa gahaman

Bb C-C9
Bayani ka, bayani ka Hanggang huling patak

Bb
Bayaning manggagawa,
C C9
Bayaning magsasaka
Bb
Bayani ka, bayani ka

Paalam

A—D—(2x)

A D
Ang paalam ko'y iyong tanggapin
A D
Paglisan ko'y iyong salubungin

C G
May pag-asang mga puso’y muling magaawitan
C
Pagdating ng panahong
G
ika’y handa nang mag-alay
C
Doon, doon sa parang
G
Doon sa kabundukan
C G
Doo’y higit na namamalas ang lakas
Am
Ng ating hanay
G Am
Doo’y pinapanday nang masikhay
G Am
Walang humpay

Koro1
G Am
Ano pa bang makahihigit
G Am G
Sa kadakilaan ng pag-ibig natin sa bayan
Am
Bayang ang tanging nais
G Am G
ang kalayaan ay makamit

Sa pagtulak sa aking paglalakbay
iabot mo ang iyong mga kamay
Mga kamay na balang araw
ay muli kong tatanganan
sa gitna ng pagsagupa
sa bigwas ng kaaway

Kamay na kayang panghawakan
ang talim ng paninindigan hanggang sa sandaling
kailangang muli tayong magkahiwalay
Hangga’t digma’y may saysay
Hangga’t dugo’y may kulay
Hanggang tagumpay

Koro2
Ano pa bang makahihigit
Sa kadalisayan ng pag-ibig natin sa bayan
Bayang ang tanging nais
Ang kaapihan ay mapatid

G Am
Wala na nga wala

Magsasama, Magkasama

Am-G-F-G-(2x)

Am G F G
Bawat damdaming lipos ay bigkisin
Am G F G
Lahat ito sa unos ay bigkasin
Dm G Am G
Tatanggaling lubos ang alinlangan
Dm G Am G
Tatanghaling unos ang kailangan
Am G Am G
Sasama ako, kasama ako

Koro
C G F G
Magsasama, magkasama sa malaon at madali
C G F G
Yayakapin ang aral ng pakikitunggali
C G F G
Yayakagin ang lahat na huwag mag-atubili

C G F G
(break) Magsasama, magkasama sana hanggang huli

Animo’y bundok itong ibubuwal
Anino’t tanglaw sabay nating iluluwal
Tatawirin hagdan ng bahaghari
Tutuwirin hanggang wala nang uri
Sasama ako, kasama ako

Suyuin ang musa ng kasaysayan
Suungin ang dusa na kasabayan
Maghahayag tula’t mga talata
Maglalayag pulang mga panata
Sasama ako, kasama ako

Koro

F G
Sana hanggang huli

Haranang Bayan

Am-Em-Am—

Am Em Am
Sadyang di pa huli ang lahat
Am Em Am
Bukas tatanganan ang gitara
Am Em Am G
Mag-aaral tumugtog nang tapat
Am Em Am
Darating din ang araw ng harana
F
Haharanahin ko
Am
ang bawat dampang lumulutang sa kawalan
F
Himig na naririto
Am
Habagat sa tapang, amihan sa kamalayan

Koro
F Am F Am
Hahagilapin ang galit saloobin
F Am F Am
Hahalukayin sa lalim ng damdamin
F Am F Am F
Haharanahin duyan ng magiting

(intro)
Bayan kong inalipin

Sadyang di pa huli ang lahat
Bukas pipiliin ang kanta
Sasanayin ang tinig na salat
Darating na ang araw ng harana

Haharanahin ko
ang puso't isipan ni Maria at ni Juan
Tadhanang nakalilito
Isasalarawan sa tinig ng kamulatan

Koro

Sadyang di pa tapos ang laban
Kailangang tanganan ang sandata
Pagkat awit ay di sasapat
Upang ganap na tupdin ang panata

Hahabulin ko sa dulo ng ilog
Ang kaaway ng sambayanan
At kasama mo itatakda ang pagsilang ng bagong kaayusan

F Am
Haranang bayan(4x)
F Am
Panata sa kalayaan

DAHIL

Am-G-F-G-Am-G-F—G—F—G-G7-

Am G F
Dahil itong pagluha
G Am
hatid man ay baha
G F
At maging pagsigaw
G F
dinggin man ng araw
G F G-G7-
Ang bisa'y sadyang kulang

Dahil kapos ang tula
Hitik man sa tugma
Lagyan pa ng himig
Hindi pa rin marinig
Ang awit ng pag-ibig

Koro
C G F G
Kaya nga't buhay mismo ang alay
C G F G
Di lang luha sigaw tula at awit /
Himala at pangako'y wala ang langit/
Sa harap ng dahas buhay makakamit
C G F G
Kaya nga't alay mismo ang buhay
C G F G G7
Ngayo'y di na kaila sa akin kung bakit

Dahil walang himala
tayong mapapala

Bulag ang pag-asa
na ang ating dusa'y
Maglalaho nang kusa

Dahil tayo'y pinako
sa bigong pangako ng dayo at hari't
kasabwatang uring nagsadlak sa 'ting puri

Dahil may nagaganap
isang paghaharap
Silang nang-aapi
Tayong inaapi na di na pagagapi

Dahil kinakailangan
dahas sa paglaban
hanggang sa makamtan ating kalayaan
At ang kapayapaan

Kumustahan

G-C-G-C

Maulan pa rin dito,
tubig kadalasan
Ngunit kung minsan naman ay mga bala
Em D G
Kaya't sa akin ay huwag nang mag-alala

Em D G D G-C
Ikaw naman kaya ay kumusta na?

Maputik pa rin dito
Naaalala ko tuloy
Ang patintero't habulan nating dalawa
Salamat nga pala sa sapatos na pinadala
Ikaw naman kaya ay kumusta na?

Koro
Em-G-D
Iyapos mo na lang ako kina nanay at tatay
Ikamay sa mga kasamang nariyan pa sa'ting hanay
Ihalik mo na lang ako sa liwasa't lansangan
Kumusta na? kumusta na?
Mula rito sa larangan

Malamok pa rin dito
Parang di magtatagal ang mga kulisap ng gabi ay kaibigan ko na

Kaya't sa balat ko'y huwag nang mag-alala Ikaw naman kaya ay kumusta na?

Malamig pa rin dito
Naaalala ko tuloy ang mga yakap at kulitan nating dalawa Salamat nga pala sa malong na pinadala
Ikaw naman kaya ay kumusta na?

Bridge:
Parito't paroon, alaala at ngayon
Walang katapusan ang kumustahan kumustahan

Aklasan

Dm
Nangatigil ang gawain sa bukirin

C Dm
Namahinga ang makina sa pabrika
Dm
Natiwangwang ang daunga’t pamilihan
C Dm
At sa madla ay nagbanta ang dalita
Gm Dm
Nanlupaypay ang puhunan at kalakal
Bb A
Nangasara ang lahat na

Pagkat bakit di kakain ang nagtanim?
Ang naglitson ng malutong patay-gutom
Ang nagbihis sa makisig walang damit
Ang yumari ng salapi’y nanghihingi
Ang gumawa ng dambana’y hampas-lupa
Ang nagbungkal ng yaman nangungutang

Koro:
Dm
Bawat sipag, bawat lakas
C Dm
Ay umaklas
Dm C Dm
Diwang dungo’t ulong yuko’y itinayo
Gm Dm A Dm
Ang maliit na ginahis ay nagtindig

Habang ang tao’y parang hayop
Sa pasahod na anaki’y sanglimos
Lalong subsob nangamamatay
Sa paglilingkod at pagpapabusabos
Ang magpa-upa ng pagod
Nanananghod sa pagkaing bulok

Masakim at maramot na namimintog
Sa labis na pagka-busog
Ang di magpawis walang takot
Sa lipunan at sa diyos
May batas na baluktot na sa ila’y tagakupkop
Ang aklasa’y magsasabog ng poot

Koro
Bridge:
Gm
Aklasa’y walang lagot
A
Unos, apoy kidlat at kulog
Bb F
Mangu-usig, mangha-hamok
A Dm
Na parang talim ng gulok

Koda: Bawat sipag, bawat lakas ay umaklas

Balang Araw

C E
Lupang kababata ng mga punong kahoy
Am F G
Kahoy na kasingtanda na nitong lupa
C E
Lupang pinatatahan ng amihang simoy
Am F G
Amihang naluluha sa kwento ng lupa

Koro:
C
Ooh….
E
Ang lahat ng ito ay
Am F
Sa atin na balang araw
C E Am
At kung gayon ay para sa lahat
F
Balang araw
C
Balang araw
F
Balang araw
C G
Babala ang bala’t balaraw

Pagawaang tumutunaw
Sa iba’t ibang bakal
Bakal na humuhulma sa mga pagawaan
Pagawaan ng pawis na kinakalakal
Pawis na siyang tutubos
Sa lahat ng pagawaan

GRUPONG PENDONG/ASIN

**SANLIBUTAN**
D-C
D
Hangga’t bundok ay di luntian
C D
At pinapatag ng minahan
C
Lalaban sa lansangan
G D
Hadlangan pagwasak ng sanlibutan

Hangga’t dumi’y nakakalason
Sa dagat ay tinatapon
Lalaban sa lansangan
Hadlangan pagwasak ng sanlibutan
Bb
Lalaban sa lansangan
C D
Hadlangan pagwasak ng sanlibutan

Hangga’t ang baya’y di ligtas
Sa panganib ng nukleyar
Lalaban sa lansangan
Hadlangan pagwasak ng sanlibutan

Hangga’t ang tao’y di gumigising
Sa umagang sariwa ang hangin
Lalaban sa lansangan
Hadlangan pagwasak ng sanlibutan

Ipaglaban, ipaglaban sanlibutan

**MGA LIMOT NA BAYANI**
D C
Katawan niya’y hubad at siya’y nakapaa
sa bukid at parang doon makikita
G A
Magsasaka kung siya’y tagurian
Limot na bayani sa kabukiran
Asin ng lupa na pinagpala

D C D C
Magsasaka, magsasaka

Maango ang amoy ng nasa tabi mo
Dahil sa pawis na natutuyo
Gusaling matataas kanyang itinayo
Limot na bayani sa pagawaan
Asin ng lupa na pinagpala
Manggagawa, manggagawa.

G A
Ang bawat patak ng pawis nila
Sa buhay natin ay mahalaga
D C D C
Pinagpala, pinagpala

Maghapong nakatayo itong guro
Puyat sa mukha’y mababakas pa
Lalamuna’y tuyo sa pagtuturo
Limot na bayani sa paaralan
Asin ng lupa na pinagpala
Itong guro, itong guro

**BATINGAW**
D-D/B-A
D
Tawag ng batingaw
C D
Hayo na’t ipaalam
Sa mundo ay isigaw
C G D
Karapatang pantao ay igalang

Anumang dahilan
Antas kulay o isipan
Tao ay pahalagahan
A
Karapatang likas, panindigan

Koro:
D C D
Ang karapatang pantao ay igalang

Di lamang sa diwa
Kundi sa puso man
Siya ang sandigan
Ng katarungan
D C-G-A
Kapayapaan at kalayaan

Tayo ay nilikha
Bayan na pinagpala
Bayan na may kalinga
Kinabukasan, alay sa mga bata

Awit ng batingaw
Hayo na’t ipaalam
Sa mundo ay isigaw
Karapatang pantao’y ipaglaban

**AMBON**
**KUNDIMAN SA BAYAN**

paano sisilayan ang gabi, ngayong hindi kita katabi
paano ko tutunghayan ang nagungulilang buwan
kapag hindi naitakda, saglait ng iyong paglaya
aanhin ang mga mata sa piring ay hindi makakita
aanhin ang mga bibig kung sa busal ay nanlalamig
walang silbi yaring katawan kapag ikaw ay pinabayaan

mabangis man, sigwang nagbabanta
kahit yaring bagwis ay sugatan
kailan man ay hindi pababayaan
panata ko sa 'yo sintang byan
buong lakas kitang ipaglalaban

**AWIT NG TAGUMPAY**
Bm
halina, halina, halina mga kasama
ating ipagdiwang ang ating tagumpay
ito'y magiging ilaw sa mga anak ng bayan
na gustong makamit ang mithing kalayaan

ating isigaw sa buong kapuluan
Diyos man o Hari, di tayo kayang sagkaan
habang nagkakaisa ang mga anak ng bayan
ating makakamit ang mithing kalayaan

tayo'y magkaisa, tayo'y maghanda
pagbuklu-buklurin ang ating lakas
tabak ay hawakan, tayo ay lalaban
itanghal ang tagumpay sa ngalan ng Katipunan

kalayaan.... sa anak ng bayan
kalayaan.... sa mga alipin
kay tamis ng iyong pangalan
inaawit ng mga anakbayan
minimithi, itinataguyod at tinatawag

JMS POEM
**GOLD**
Bm
In the dark bowels of the earth
Under the mountain of pressure
That gathers the heat of the sun.
God is trapped and imprisoned
But gleams with collected fervor.

The miner cannot reach the ore
Without making a deepgoing shaft.
Without exerting painful labor.
Without a long-lasting lamp
Through the darkness under pressure.

Fiery furnace and acid bowl
Remove dross and refine gold.
Then the fashioning tools turn
To make the crown of triumph
That is the lofty glory of the nation.

**GERILYA AY TULAD NG MAKATA**
D F#m
Ang gerilya'y tulad ng makata
G D
Matalas sa bulong ng mga dahon
F#m
Sa pagkabali ng mga sanga
G D
Sa mumunting alon ng ilog
Em A Em A

Sa amoy ng apoy
Em  A  A7  D
At sa abo ng paglisan

D  F#m
Ang gerilya'y tulad ng makata
 G  D
Nakasanib sa mga puno
D  F#m
Mga halaman at bato
 G  D
Di maaninag pero malinaw
Em  A  Em  A
May kaalaman sa batas ng paggalaw
 Em  A  A7  D
At bihasa sa laksang paglalarawan

(*Refrain*)
G  D
Ang gerilya'y tulad ng makata
 G  D
Katugma ng kalikasan
 G  D
Mga pinong ritmo ng luntian
 G  D
Ng nakatimong katahimikan
 G  D
Namamalas na kawalang-muwang
 Em  A
Ng aserong nababagting nang may lantik
 A7  D-Dsus-D
Sumisilo sa kaaway.

*instrumental interlude*

D  F#m
Ang gerilya'y tulad ng makata
 G  D
Gumagalaw kasama ng luntia't kulay lupang kawan
D  F#m  G  D
Sa palumpong umaapoy na pulang bulaklak
Em  A  D
Na nagkokorona't nagpapaalab sa lahat
Em  D
Nagsasama-sama sa isang daluyong
Em  A-A7  D-Dsus-D
Nagmamartsa sa wakas laban sa kuta

(*Koro*)
C  D
Walang hanggang kilusan ang lakas
C  D
Masdan ang matagalang tema
C  G  D
Ang epikong bayan, ang digmang bayan
C  D
Walang hanggang kilusan ang lakas
C  D
Masdan ang matagalang tema
C  G  D
Ang epikong bayan, ang digmang bayan